/tatsulokpssp
tatsulok_pssp
tatsuloksapssp@gmail.com

Pagpapakilala sa TATSULOK Batch 19

TATSULOK BATCH 19 LOGO

Ang Tatsulok - Alyansa ng mga Mag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino o TATSULOK ay samahan ng mga mag-aaral na naglalayong magtatag ng isang alyansa upang isulong at isabuhay ang Sikolohiyang Pilipino. Katuwang ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), nilalayon ng TATSULOK na magsilbing pangunahing tulay ng mga mag-aaral upang mapalaganap ang mga prinsipyo ng Sikolohiyang Pilipino. Itinatag noong 2005 ng tatlong organisasyon mula sa insyatiba ni G. Jay A. Yacat.

Kasalukuyan itong may 47 na kasapi na organisasyon at 27 na tagapagmasid na organisasyon. Sa kabuuan, ang alyansa ay binubuo ng **74 na organisasyong pang-mag-aaral** sa buong bansa.

Preyambolo
Kami, ang mga nakapangyayaring kasapi ng Tatsulok – Alyansa ng mga Mag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino, samahan ng mga mag-aaral na naglalayong itaguyod, isulong, at isabuhay ang Sikolohiyang Pilipino na kumakatawan sa aming mga layunin at mithiin, kabalikat ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), ay taos-pusong nagpapatibay at nagtataguyod ng saligang batas na ito.

Mithiin
Minimithi ng Tatsulok ang pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino sa pamamagitan ng mga makabuluhang talakayan, aktibidades, at pagtitipon para sa mga mag-aaral sa iba't ibang pamantasan sa ating bansa. Ang pagpapalaganap na ito ang siyang sisigurado sa pagpapatibay ng kanilang pagkakakilanlan at kaalaman sa Sikolohiya bilang isang Pilipino. Kaakibat ng layuning ito ay ang paghulma sa mga kinatawan ng Tatsulok sa pamamagitan ng pagpapairal ng halaga ng Sikap at Paninindigan sa bawat isa. Magagamit nila ito bilang isang indibidwal na ang inaasam ay ang pagpapatatag ng isang Sikolohiyang malaya, mapagpalaya, at mapagkalinga.

Hangarin
Hinahangad ng Tatsulok ang isang malaya, mapagpalaya, at mapagkalinga na sikolohiya sa pamamagitan ng pagsasapuso ng pagiging Sikolohista ng Bayan – hindi lamang para sa mga kinatawan, ngunit maging sa mga mag-aaral ng Sikolohiya sa iba't ibang panig ng bansa. Ang pagpapalawig sa espasyo ng Sikolohiyang Pilipino hindi lamang sa loob ng silid-aralan, ngunit pati sa iba't ibang komunidad, ay kaakibat ng layunin ng Tatsulok na maging instrumento upang mapalaganap ang tunay na diwa ng Sikolohiya ng ating pagkakakilanlan – ang Sikolohiyang Pilipino.

Sagisag
Nakapaloob sa isang tatsulok ang araw na nagtataglay ng tatlong malalaki at tatlong maliliit na sinag. Sa mukha ng araw ay nakapaloob ang simbolo ng Sikolohiya.

- **Tatsulok na Hugis**
  Sumasagisag sa pagsulong ng makabuluhang pagbabago sa lipunan.
- **Tatlong Malalaking Sinag**
  Sumasagisag sa tatlong haligi ng TATSULOK.
- **Tatlong Maliliit na Sinag**
  Sumasagisag sa tatlong organisasyong unang naging bahagi ng TATSULOK, ang De La Salle University Manila, University of the Philippines Diliman, at Philippine Normal University.
- **Simbolo ng Araw**
  Sumasagisag sa alab ng paninindigan sa pagpapakilala at pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino.

Pagpapahalaga

- **Sikap**
  Ang mga kinatawan ng TATSULOK ay inaasahang ipakita na hindi lamang talino at husay ang batayan ng pagiging isang Sikolohista ng Bayan, ngunit pati na rin ang halaga ng sipag at tiyaga na malampasan ang kahit anong pagsubok na pinagdaaranan, sapagkat ang tunay na tagumpay ay makakamit hindi dahil sa galing, ngunit sa pagkatao ng isang indibidwal.
- **Paninindigan**
  Ang mga kinatawan ng TATSULOK ay inaasahang tumindig sa kung ano ang nararapat, hindi sa kung ano ang madali o napapanahon. Ang tunay na Sikolohista ng Bayan ay pinaninindigan ang tama at mas pinahahalagahan ang kapwa at pagkatao sa bawat kasanayan na dadanasin nito.
- **Sikolohista ng Bayan**
  Ang mga kinatawan ng TATSULOK ay isang Sikolohista ng Bayan. Isang mag-aaral ng sikolohiya na gumagalaw hindi lamang para sa sarili, ngunit para sa komunidad at kapwa sa loob nito. Kaakibat ng pagpapahalaga nito sa sariling Sikolohiya ay ang paglilingkod na hindi pansarili, ngunit para sa kaniyang bayan.

Layunin, Adhikain at mga Haligi
Ang TATSULOK ay binubuo ng tatlong haligi na kakatawan sa mga adhikain at mithiin ng samahan sa pagsusulong ng Sikolohiyang Pilipino. Ito rin ang magsisilbing mga prinsipyong isusulong ng bawat kasapi ng organisasyon.

- Ang **KAALAMAN** ay isang katipunan o saklaw ng dunong. Ang TATSULOK ay isang alyansa ng mga mag-aaral na naglalayong maglunsad ng mga gawain upang payabungin at patatagin ang kaalaman sa Sikolohiyang Pilipino. Ang samahan ay magtataguyod ng Sikolohiyang sumasalamin sa diwa at kahulugan ng pagka-Pilipino.

- Ang **KAMALAYAN** ay nauukol sa natipang kaisipan at damdamin ng isang indibidwal o pangkat. Ang TATSULOK ay naglalayong tuklasin ang pagkakakilanlang Pilipino. Ninanais din ng samahan na tuklasin ang kabuluhan ng Sikolohiyang Pilipino sa mga kasalukuyang pangyayari sa lipunan.
- Ang **KAPATIRAN** ay nauukol sa pakikibahagi sa isang layunin, hilig at interes. Nilalayon din ng samahan ang makabuo ng isang nagkakaisang lupon ng mga mag-aaral na magbibigay-daan sa malayang daloy ng mga ideya at pagkatuto. Isinusulong ng samahan ang pagpapayabong ng pansariling kagalingan at kadalubhasaan ng bawat kasaping organisasyon at indibidwal. Kaakibat nito ay ang paggamit ng samahan upang mapalawig ang espasyo ng Sikolohiyang Pilipino na aabot sa bawat sulok ng silid-aralan, komunidad, at sa buong bansa.

Kalipunan

Ang mga kalipunan ang mamamahala sa iba't ibang gawain ng samahan at maaaring salihan ng mga TATSULOK kinatawan (dalawang mag-aaral) na ipapadala ng bawat kasapi ng TATSULOK. Sa pamumuno ng pinuno ng kanilang lupon, ang bawat kalipunan ay maghahalal ng isang (1) pangalawang pinuno at isang (1) kalihim. Mayroong pitong (7) kalipunan ang TATSULOK, ang kalipunang pang-akademiko, pangkomunikasyon, panlikhaan, panlohistika, pang-marketing, pangmidya at produksiyon, at pampananalapi.

- **Lupon ng Akademiko**
  Tungkulin ng kalipunang ito ang manguna sa pamamahala ng mga gawaing pang-akademiko ng TATSULOK. Kabilang sa mga gawain nito ang pagsasagawa ng nilalaman at caption ng mga pangmalawakang publikasyon ng TATSULOK.
- **Lupon ng Komunikasyon**
  Tungkulin ng kalipunang ito ang pamahalaan at alagaan ang mga talaan, dokumento, at ang pangkalahatang publisidad ng TATSULOK. Pamamatnubayan ng lupong ito ang pagsasagawa ng panghuling pagsusuri sa bawat gawain ng TATSULOK at pagpapanatili ng ugnayan sa loob at labas ng samahan.
- **Lupon ng Likhaan**
  Tungkulin ng kalipunang ito ang pagpaskil sa hatirang pangmadla ng mga paalala at mga gawain ng TATSULOK. Sila rin ang namamahala sa anumang may kinalaman sa disenyo (kits, publicity materials, shirts, atbp.).
- **Lupon ng Lohistika**
  Tungkulin ng kalipunang ito ang pagsasaayos ng daloy ng programa, mapateknikal o pamamahala ng mga kagamitan at materyales na kinakailangan para sa mga gawain ng TATSULOK.
- **Lupon ng Marketing**
  Tungkulin ng kalipunang ito ang pamamahala sa mga itinakdang gawain mula sa mga ugnayan ng TATSULOK maging ito ay sa mga kasapi o sa ibang organisasyong may kasunduan ang samahan. Sila rin ang mangunguna sa pangangalap ng pondo sa pamamagitan ng ugnayang panlabas, pagbebenta ng mga merchandise, at paghahanap ng sponsors para sa mga gawain ng TATSULOK.

- **Lupon ng Midya at Produksiyon**
  Tungkulin ng kalipunang ito ang manguna sa pamamahala ng mga gawain tulad ng dokumentasyon sa bawat inisyatiba o proyekto, pag-edit ng mga itinakdang bidyo, pagsasagawa ng mga karagdagang content para sa hatirang pangmadla ng TATSULOK. Sila rin ang mamamahala sa mga kinakailangang kagamitang pangmidya para sa mga gawaing nakatakda.
- **Lupon ng Pananalapi**
  Ang kalipunang kaakibat ng Ingat-yaman at Tagasuri sa pagsasaayos at pagsusuri ng mga dokumento at ulat ng mga gastusin. Kaakibat nito ay sila rin ang mamamahala sa bawat pagpasok at labas ng pondo sa anumang pagtitipon, kumbensiyon o inisyatiba ng TATSULOK. Ang kalipunan ng pananalapi ay hindi maaaring magmula sa institusyong pinagmulan ng Ingat-Yaman at Tagasuri.

Ang 47 Kasaping Organisasyon:

- **Junior Psychologists Society of Arellano University** | Arellano University
- **Association of Psychology Students** | Batangas State University, The National Engineering University - Arasof Nasugbu Campus
- **Alliance of Future Psychologists** | Batangas State University, The National Engineering University - JPLPC Malvar Campus
- **Psychology Students' Society** | Batangas State University, The National Engineering University - Pablo Borbon Campus
- **Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohikal na Kamalayan** | Bulacan State University
- **Mag-aaral na Handang Umagapay sa inyo SAYK (MAHUSayk)** | Bulacan State University - San Rafael Campus
- **Psychology Circle** | Cavite State University - Don Severino Delas Alas Campus
- **Samahan ng Mga Mag-aaral ng Sikolohiya** | Cavite State University - Imus Campus
- **Psychology Club on Humanistic Education** | City College of Calamba
- **Letran Psychology Society** | Colegio de San Juan de Letran - Manila
- **Psychology Society DLSAU** | De La Salle Araneta University
- **DLSU-D Psychological Society** | De La Salle University - Dasmariñas
- **EARIST-Elite Students Of Psychology Association** | Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology
- **FAITH Psychology Society** | First Asia Institute of Technology and Humanities Colleges
- **HAU Psychology Society** | Holy Angel University
- **Rizalian Psychological Society** | José Rizal University
- **KLD Psychology Society** | Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmariñas
- **LCCB Dalub Isip** | La Consolacion College Biñan
- **LCUP Psychology Society** | La Consolacion University Philippines
- **LCBA Psychology Society** | Laguna College of Business and Arts
- **Pneuma Psychology Society** | Lyceum of Alabang

- **Psychology Association of LPU-Batangas** | Lyceum of the Philippines
- University-Batangas
- **League of United Psychology Students** | Lyceum of the Philippines University-Cavite
- **LPU-Laguna Psychology Society** | Lyceum of the Philippines University-Laguna
- **Tytana Psychology Society** | Manila Tytana Colleges
- **NCST Psychology Society** | National College of Science and Technology
- **NU Clark Psychology Society** | NU Clark
- **NU Laguna Psychology Society** | NU Laguna
- **NU Lipa Psychology Society** | NU Lipa
- **Psyche Circle Organization** | Olivarez College
- **Psychological Society OLFU - Quezon City** | Our Lady of Fatima University - Quezon City
- **Psychological Society, OLFU - Valenzuela** | Our Lady of Fatima University - Valenzuela City
- **Pamantasan ng Cabuyao - Samahan sa Sikolohiyang Pilipino** | Pamantasan ng Cabuyao (University of Cabuyao)
- **PLM Psychological Society** | Pamantasan ng Lungsod ng Maynila
- **PNU Psychology and Counseling Society** | Philippine Normal University
- **PUP - Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino** | Polytechnic University of the Philippines - Sta. Mesa
- **Psychology Society (PUP-STBC)** | Polytechnic University of the Philippines - Sto. Tomas Campus
- **PRMSU Psychological Society** | President Ramon Magsaysay State University
- **Student Ambassadors for Mental Health** | Saint Benilde International School
- **SLSU Samahan sa Sikolohiyang Pilipino** | Southern Luzon State University - Main Campus
- **UDM Psychological Society** | Universidad de Manila
- **UB Organization of Psychology Students (UB OPS)** | University of Batangas
- **UBLC-Guild of Aspiring Psychologists** | University of Batangas Lipa City
- **UPHSD Calamba Psychology Society** | University of Perpetual Help System DALTA - Calamba Campus
- **UST Psychology Society** | University of Santo Tomas
- **UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino (UP Buklod-Isip)** | University of the Philippines Diliman
- **UP Applied Psychology Society** | University of the Philippines Diliman Extension Program in Pampanga

Ang 27 Tagapagmasid na Organisasyon:

- **Samahang Mag-aaral ng Sikolohiyang Filipino** | Ateneo de Davao University
- **Circle of Psychology Students** | Batangas State University, The National Engineering University - Lipa
- **Psychological Society of CDC** | Calamba Doctors' College

- **Sikolohistang Kapampangan Society (SiKap)** | City College of Angeles
- **Academic League of Psychology Students** | Cavite State University - General Trias Campus
- **DLSUD Psychology Program Council** | De La Salle University - Dasmariñas
- **DLSL Psychology Society** | De La Salle Lipa
- **FEU Cavite Psychology Society** | Far Eastern College Silang - FEU Cavite
- **LSPU-LB Psychology Society** | Laguna State Polytechnic University–Los Baños Campus
- **Lipa City Colleges Psychology Society** | Lipa City Colleges
- **LSB Psych Sphere Community** | Lyceum of Subic Bay, Inc.
- **MMC - Psychology Society** | Metro Manila College
- **MSU-Main Psychology Majors Society** | Mindanao State University - Main Campus
- **NU Baliwag - Psychology Society** | NU Baliwag
- **Psyche Society of NU-D** | NU - Dasmariñas
- **Psychology Students Association** | Our Lady of Fatima University - Pampanga Campus
- **DLSP Samahang Sikolohiya** | Dalubhasaan ng Lungsod ng San Pablo
- **Psychology Society - Philippine Christian University** | Philippine Christian University - Dasmariñas
- **SMCL Psychology Society** | Saint Michael's College of Laguna
- **Sebastinian Psychology Society** | San Sebastian College - Recoletos de Cavite
- **SINAG - STI College Lipa's Guild of Psychology Students |** STI College Lipa
- **Tanauan Institute Psychology Student's Association** | Tanauan Institute
- **COESSE - The TSU Psychological Society** | Tarlac State University
- **UCU Psychology Students' Society** | Urdaneta City University
- **UCC Psychology Society - North Campus** | University of Caloocan City - North
- **Psychological Society, UPHSD – Las Piñas** | University of Perpetual Help System DALTA - Las Piñas
- **WCC ATC Psychology Society** | WCC Aeronautical and Technological College - North Manila

Maaaring makipag-ugnayan sa pamamagitan ng sumusunod:

- **Gmail:** tatsuloksapssp@gmail.com
- **Facebook:** Tatsulok-Alyansa ng mga Mag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino
- **Instagram:** @tatsulok_pssp
- **Tiktok:** @tatsulok_pssp

Pamunuan (Akademikong Taon/Taong Panuruan 2025-2026)

Tagapayo: Carl O. Dellomos, MHSS, LPT (PSSP Kadiwa | Philippine Normal University)

Lupong Tagapagpaganap:

- Pangulo: **Althea Marie L. Nicolas** (PNU Psychology & Counseling Society | Philippine Normal University)
- Pangalawang Pangulo: **Gwyneth Mikaela H. De Castro** (UB Organization of Psychology Students | University of Batangas)
- Kalihim: **Sian D.V. Manaloto** (UP Applied Psychology Society | University of the Philippines Diliman Extension Program in Pampanga)
- Kawaksing Kalihim: **Merylle Lianne R. Basea** (HAU Psychology Society | Holy Angel University)
- Ingat-Yaman: **Francis Xavier P. Alcazar** (NU Lipa Psychology Society | NU Lipa)
- Tagasuri: **Sofia Louisse M. Bascoguin** (PUP-STC Psychology Society | Polytechnic University of the Philippines - Sto. Tomas Campus)

Tagapangasiwa ng mga Rehiyon:

- Tagapangasiwa ng NCR: **Anthony Kent M. Estrologo** (Psychological Society, OLFU-Valenzuela | Our Lady of Fatima University - Valenzuela)
- Tagapangasiwa ng North Luzon: **Raina Ellaine N. Perez** (LCUP Psychology Society | La Consolacion University Philippines)
- Tagapangasiwa ng South Luzon: **Ysabelle E. Rodriguez** (UBLC - Guild of Aspiring Psychologists | University of Batangas - Lipa City)

Pinuno ng mga Kalipunan:

- Pinuno ng Akademiko: **Jhopet M. Maquirang** (Student Ambassadors for Mental Health | Saint Benilde International School)
- Pinuno ng Komunikasyon: **Angelo R. Alvarado** (Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohikal na Kamalayan | Bulacan State University)
- Pinuno ng Likhaan: **Eula Mae G. Oliveros** (DLSU-D Psychological Society | De La Salle University - Dasmariñas)
- Pinuno ng Lohistika: **Pamela Angelie G. Pangulayan** (Samahan ng mga Mag-aaral ng Sikolohiya | Cavite State University - Imus Campus)
- Pinuno ng Marketing: **Norielyn G. Bantos** (Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohikal na Kamalayan | Bulacan State University)
- Pinuno ng Midya at Produksiyon: **Gwyneth Marri D. Maiwat** (UP Applied Psychology Society | University of the Philippines Diliman Extension Program in Pampanga)
- Pinuno ng Pananalapi: **John Rey B. Laguardia** (Psychology Club on Humanistic Education | City College of Calamba)

Mga Gawain o Aktibidad ng Tatsulok

Panloob na Gawain:

- **Oryentasyon:** Nagsasagawa ng oryentasyon para sa mga ipinadalang opisyal na dalawang mag-aaral o TATSULOK kinatawan bago magsimua ang bawat termino.

Dito inilalahad ang pagpapakilala sa Tatsulok, saligang batas, tungkulin at pribilehiyo maging ang kwalipikasyon at karapatan ng mga kinatawan, at ang pamantayan sa deliberasyon ng pagtatasa sa kinatawan at organisasyon.

- **Pagpupulong:** Nagsasagawa ng birtuwal na mga pagpupulong ang samahan para sa mga oryentasyon, deliberasyon, kumustahan, progreso at paghahanda para sa mga panloob o panlabas na gawain o aktibidad.
  - **Pangkalahatang Pulong:** Maglulunsad ng inagural na pagpupulong ang Lupong Tagapagpaganap sa pagsisimula ng panibagong batch na dadaluhan ng buong kasapian ng TATSULOK. Ang mga susunod na pangkalahatang pagpupulong ay nakabatay sa pagpapasya ng Lupong Tagapagpaganap.
  - **Indibidwal na Pulong:** Sa pamumuno ng Lupong Tagapagpaganap, kaakibat ang Lupong Tagapangasiwa, ang pamunuan ay nakatakdang maglaan ng oras sa simula ng kanilang termino upang mabigyan ng indibidwal na pagpupulong ang bawat kasaping organisasyon at organisasyong tagapagmasid. Ito rin ay upang mabigyan sila ng pormal na introduksyon sa TATSULOK, na magsisimula sa pormal na kumustahan, ano ang TATSULOK, estado ng kasaping organisasyon, ulat pagpapalaganap, pagtatasa, at pagbatid ng bukas na pinto ng TATSULOK para sa tulong at pakikipag-ugnayan sa mga pagtitipon at proyekto na isasagawa ng kasapi tungkol sa Sikolohiyang Pilipino.
  - **Buwanang Pulong ng Kalipunan:** Ang mga buwanang pulong ay itatakda ng Pangulo o ng Pinuno ng Kalipunan. Dito ipinapahayag ang maikling ulat ukol sa mga kaganapan at kaayusan tungkol sa samahan at lupon ang Lupong Tagapagpaganap o Pinuno katulong ang Pangalawang Pinuno at Kalihim para sa kapakanan ng mga kasapi.
  - **Pagpupulong ng Rehiyon:** Ang pagpupulong ng rehiyon ay pamumunuan ng Tagapangasiwa. Ito ay magsisilbing tulay upang mas magkakilala at magkaroon ng koneksyon, komunikasyon, at kolaborasyon ang mga kinatawan at organisasyon sa mga inisyatiba na aktibidad maging ang paghahanda para sa rehiyonal na aktibidad na isasagawa.
  - **Natatangi na Pulong:** Ang mga itinatangi na pulong ay nagaganap sa samahan para sa mga deliberasyon, nominasyon/halalan/eleksyon, maikling ulat, paghahanda o kapasiyahan para sa plano ng mga aktibidad, at pagsusog ng saligang batas.
- **Kalipunan** (Committee): Ang bawat kalipunan ay may mga nakatakdang gawain sa buong termino alinsunod sa mapagkasunduan ng Luong Tagapagpaganap at Pamunuan para sa buong samahan lalo na sa mga miyembro ng Lupon. Ang gawain ay nakabatay o naka-ayon sa gampanin ng lupon na kabilang o miyembro ang bawat kinatawan. Ang mga tungkulin ng lupon ay nakaangkla sa layunin ng aktibidad (panloob o panlabas).
- **TATSUlympics:** Ang gawain na ito ay isinasagawa para mapagkaisa ang bawat lupon. Ito ay isang araw na paglalaan ng oras, lakas, at talino para sa pagtutulungan ng bawat lupon habang nagkakaroon ng maayos na kompetisyon sa samahan. Layunin nito na mailapat ang mga aral sa sikolohiyang pilipino

habang masayang nagkakaroon ng koneksyon, komunikasyon, at kooperasyon ang mga kinatawan sa bawat isa lalo't higit sa lupon na kinabibilangan.

- **Pagpapasa ng mga Dokumento/Impormasyon:** Para sa patuloy na komunikasyon at pagiging kasapi o katuwang ng Tatsulok, may mga dokumento o impormasyon na kinakailangan ibigay sa mga itinakdang petsa ng pamunuan.
  - **Re-akreditasyon:** Bawat termino ay hihingin ang ilang dokumento o impormasyon mula sa mga kasapi na organisasyon nito upang masigurado na ang samahan ay updated sa mga pagbabago.
  - **Ulat Pagpapalaganap:** Ito ay ang dokumentasyon kung paano ipinapalaganap ng bawat organisasyon ang sikolohiyang pilipino o sp sa isang taong panuruan na ibinibigay bago isagawa ang pagtatasa sa bawat pagtatapos ng isang termino.
- **Pagtatasa:** Upang maipagpatuloy ang mithiin at hangarin ng samahan, nagkakaroon ng pagtatasa bago magtapos ang bawat termino. Ito ay para malaman kung aktibo ba ang organisasyon sa pagsasakatuparan ng mga aktibidad na naka-angkla sa sikolohiyang pilipino o sp. Nagkakaroon ng pagtatasa sa parehong kinatawan at sa organisasyon.
- **Pagsusog ng Saligang Batas:** Ang pagsusog ng saligang batas ay batay sa mapagkasunduan na desisyon ng samahan.
- **Halalan/Eleksyon:** Bawat pagsisimula at pagtatapos ng isang termino o paglilingkod ng mga nahalal ay ang panibagong eleksyon o pagtatag ng mga opisyales para sa pamamahala at paglilingkod sa samahan sa isang buong termino o taon.

Panlabas na Aktibidad:

- **Oryentasyon:** Nagsasagawa ng oryentasyon para sa mga organisasyong nais sumali ng TATSULOK. Dito inilalahad ang mga plataporma ng Tatsulok, tungkulin at pribilehiyo ng mga kasapi na organisasyon ng TATSULOK at ang pamantayan sa deliberasyon ng mga aplikante.
- **Pagpupulong:** Nagkakaroon ng mga pagpupulong sa mga panlabas na ugnayan ng samahan.
  - **Natatangi na Pulong:** Layunin nito na magkaroon ng maayos na komunikasyon at kooperasyon ang samahan sa bawat organisasyon na magiging katuwang sa mga inisyatibang gawain upang magkaroon ng matagumpay at makabuluhang aktibidad na inaasahang makapagbukas ng panibagong kolaborasyon sa hinaharap.
- **Merch Selling:** Layunin nito na mas magkaroon ng koneksyon sa bawat mag-aaral ng sikolohiya, mas mapalawak ang kolaborasyon, at mas makilala ang samahan. Isa rin sa gampanin nito ang makatulong sa mga negosyo at makakalap ng mga maaaring gagawa ng mga eksklusibo materyales na kakailanganin o kabilang sa mga ibibigay sa delegado ng aktibidad. Ang magiging kita ay mapupunta sa piling institusyon o grupo at ang ilan ay ilalaan para sa kinakailangan na pondo sa mga aktibidad o partnerships.

- **Aplikasyon ng Organisasyong Tagapagmasid:** Ang aplikasyon ay ginagawa isang beses lamang bawat termino. Saklaw nito ang paghingi ng samahan ng mga impormasyon o dokumento tungkol sa organisasyon na nais maging kasapi ng samahan. May panayam na nakatakda ng pamunuan kasama ang bawat aplikante upang mas makilala at masuri ang bawat organisasyon.
- **TATSULOK Alumni Network:** Layunin nito pagbuklurin ang mga naging kasapi na Tatsulok Kinatawan. Ito ay magiging sanggunian ng mga susunod na termino sa mga maaaring maging pangunahin o panauhing tagapagsalita sa mga aktibidad sa hinaharap, kung sakali na hindi available ang mga propesyonal na kasapi ng PSSP.
- **SP Primer:** Layunin ng talakayang ito na magbigay kaalaman ukol sa Sikolohiyang Pilipino, na pangunahing isinusulong ng samahan, sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad.
- **Sandaluyan:** Serye ng Diskusyon, Daluyan ng Kaalaman: Diskusyon ng mga napapanahong isyu sa Sikolohiyang Pilipino at paksang di natatalakay sa loob ng silid-aralan.
- **PSYnergy:** Kumperensyang inihahandog ng mga mag-aaral ng Sikolohiya na kasapi ng TATSULOK para sa mga kapwa mag-aaral mula sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad. Ang dalawang araw na kumperensyang ito ay may layuning pagbuklurin ang mga mag-aaral sa pagpapalawig ng kaalaman hinggil sa Sikolohiya sa pamamagitan ng paglulunsad ng workshops at paper-sharing.
- **Natatangi na Aktibidad:** Maaari na magkaroon ang bawat termino ng aktibidad na hindi kasama sa mga nabanggit, ito ay alinsunod sa kapasiyahan ng pamunuan kasama ang buong samahan. Saklaw nito ang mga partnerships na maaaring maibigay o tanggapin alinsunod sa mapagkasunduan ng parehong parte sa kondisyon at gampanin ng samahan.

Pagpapakilala sa mga Kasapi na Organisasyon

ARELLANO UNIVERSITY LOGO | JUNIOR PSYCHOLOGIST SOCIETY OF ARELLANO UNIVERSITY LOGO

Junior Psychologists Society of Arellano University | Arellano University

Ang Junior Psychology Society ng Arellano University ay isang opisyal na kinikilalang akademikong organisasyon sa Arellano University Main na binubuo ng mga mag-aaral mula sa School of Psychology. Ang layunin ng organisasyong ito ay itaguyod at pagsilbihan ang interes ng mga mag-aaral sa sikolohiya bukod sa iba pang mga pagpapahalagang itinanim sa bawat Arellano Psychology Student, gayundin ang mga layunin tulad ng pagpaplano at pagpapatupad ng mga programang responsable sa pagtataguyod ng kalusugang pangkaisipan at pagtataguyod ng isang mass-oriented na prinsipyo sa pamamagitan ng pampublikong serbisyo, at karangalan at integridad—ang huwarang birtud ng sinumang estudyante ng Arellano University.

Batangas State University, The National Engineering University - Arasof Nasugbu Campus LOGO | Association of Psychology Students LOGO

Association of Psychology Students | Batangas State University, The National Engineering University - Arasof Nasugbu Campus

Ang Association of Psychology Students, na kilala rin bilang APS, ang opisyal na organisasyon ng mga mag-aaral ng programang Bachelor of Science in Psychology sa ilalim ng College of Arts and Sciences ng BatStateU ARASOF-Nasugbu. Ito ay may pilosopiyang ang pagkilala at pag-unawa sa bawat indibidwal ay nakatutulong sa paglikha ng mapayapa at maayos na unibersidad. Ang mga gawain ng organisasyon ay nakasentro sa hangarin nitong pangalagaan at paunlarin ang kakayahan, dunong, at talento ng mga miyembro, habang isinusulong ang kamalayan ukol sa kahalagahan ng kalusugang pangkaisipan at suportahan ang adbokasiya ng pamantasan para sa pambansang pag-unlad. Sa gitnang diwa, layunin nitong humubog ng mga indibidwal hindi lamang sa aspetong pang-akademiko kundi sa mas malalim na antas ng kanilang pagkatao, upang maging tapat, mapagkalinga, at may kakayahang makibahagi sa positibong pagbabago ng lipunan sa gabay ng sikolohiya.

BSU-MALVAR LOGO | Alliance of Future Psychologists LOGO

Alliance of Future Psychologists | Batangas State University, The National

Engineering University - JPLPC Malvar Campus

Ang Alliance of Future Psychologists sa Batangas State University – JPLPC Malvar ay itinatag noong Hulyo 6, 2007 ng mga mag-aaral ng BS Psychology sa Malvar Campus. Dahil sa hindi inaasahang pagdami ng mga mag-aaral ng Psychology sa nasabing kampus, napagpasyahan nilang bumuo ng isang organisasyon na magsisilbing tahanan ng mga mag-aaral sa Sikolohiya upang mahasa sila sa tamang mga gawain na makatutulong sa pagpapayaman ng kanilang kakayahan bilang mga propesyonal sa hinaharap. Layunin ng organisasyong ito na magpatatag ng mabuting ugnayan sa pagitan ng mga opisyal ng paaralan, mga guro, kawani, at mga mag-aaral; paunlarin sa mga mag-aaral ang interes at kamalayan sa kanilang napiling propesyon; mapahusay ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral; makalikom ng pondo at masuportahan ang mga planadong aktibidad at proyekto ng organisasyon; at gawing masigla at tumutugon ang College of Arts and Sciences sa layuning maging sentrong nakatuon sa paglilingkod publiko at kahusayan.

BSU-PB LOGO | BSU-PB PSS LOGO

Psychology Students' Society | Batangas State University, The National Engineering University - Pablo Borbon Campus

Ang Psychology Students' Society ay isang pang-kolehiyong organisasyon na nagsusulong ng kanilang adhikain na KAPWA Values, Kaalaman (Knowledge), Gawa (Action), Positibo (Positivity), Kaginhawaan (Well-being) at Mapagbigay (Altruism). Ito ay hango sa ideya ng Ama ng Sikolohiyang Pilipino na si Virgilio Enriquez na tumatalakay sa ugat ng mga konsepto sa Sikolohiyang Pilipino.

Bukod dito, ang organisasyon ay naglalayong magbigay ng espasyo sa mga mag-aaral para sa kanilang interes sa Sikolohiya at sa iba't iba pang larangan nito. Nilalayon din ng organisasyon na mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral ng Sikolohiya na paunlarin ang kanilang mga kakayahan, kaalaman at ang kanilang kahandaang tumugon sa lahat ng hamon na kinahaharap ng Sikolohiya sa bagong panahon bilang alinsunod sa misyon ng pamantasang kinabibilangan nito. Ang KAPWA na siyang adhikain nito ay maging repleksyon ng asal ng lahat ng mag- aaral sa organisasyon tungo sa isang determinado, produktibo, epektibo at lubos na mahusay na mga mag-aaral.

BULSU LOGO | SAYK ORG LOGO

Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohikal na Kamalayan | Bulacan State University

Ang Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohikal na Kamalayan ay isang malayang organisasyon na pinapamunuan ng mga estudyante sa Sikolohiya mula sa Bulacan State University. Sila ay naglalayong gumawa ng mga programang mag-aangat at magpapaunlad sa mga mag-aaral at gawaing makapagpapatibay at makakapagpanatili sa pagkakaisa at ng kabuuang hangarin ng mga mag-aaral ng Sikolohiya. Ito ay upang makatulong na maibahagi sa iba ang kahalagahan at aplikasyon ng Sikolohiya hindi lamang sa loob ng paaralan kundi sa pang araw-araw na buhay.

BULSU-SRC LOGO | MAHUSAYK LOGO

Mag-aaral na Handang Umagapay sa inyo SAYK (MAHUSayk) | Bulacan State University - San Rafael Campus

Ang Mag-aaral na Handang Umagapay sa Inyong Sayk (MAHUSayk) ay ang opisyal na organisasyon ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa Bulacan State University - San Rafael Campus, na itinatag at kinilala noong 2023. Bilang isang organisasyong nakasandig sa malasakit, pagkakaisa, at pag-unawa, layunin nitong maging katuwang ng bawat mag-aaral sa kanilang paglalakbay sa larangan ng Sikolohiya, sa pamamagitan ng paglikha ng isang ligtas, inklusibo, at mapagkalingang espasyo kung saan malaya silang matuto, makilahok, at umunlad.

Sa pamamagitan ng mga pang-akademiko at etikal na karanasan, patuloy na pinauunlad ng MAHUSayk ang sikolohikal na kaalaman, kasanayan, at kamalayan ng mga mag-aaral bilang paghahanda sa kanilang propesyonal na paglalakbay. Higit pa rito, isinusulong nito ang pagsasabuhay ng mga natututuhan sa loob at labas ng akademya, na may malasakit at paninindigan sa pakikinig at pag-unawa sa kapwa at sa mga hamon ng lipunan. Sa ganitong paraan, nagsusumikap ang MAHUSayk na mahubog ang mga mag-aaral tungo sa pagiging responsable, etikal, at makataong magiging propesyonal sa larangan ng Sikolohiya.

CVSU LOGO | PSYCHOLOGY CIRCLE LOGO

Psychology Circle | Cavite State University - Don Severino Delas Alas Campus

Ang Psychology Circle ay isang akademikong organisasyon mula sa Cavite State University – Main Campus sa Indang, Cavite, na kabilang sa ilalim ng Kolehiyo ng Sining at Agham, partikular sa Departamento ng Panlipunang Agham. Ito ang opisyal na samahan ng mga mag-aaral sa programang Batsilyer ng Agham sa Sikolohiya, na nagsisilbing pangunahing kinatawan ng kanilang disiplina sa loob ng pamantasan. Sa

kasalukuyan, tinatayang mahigit walong daang (800+) mag-aaral ang rehistradong kasapi ng organisasyon, na nagpapakita ng malawak na saklaw at aktibong partisipasyon ng mga estudyante sa mga gawaing pang-akademiko at pangkomunidad.

Katuwang ng Psychology Circle ang limang sub-organisasyon na sumusuporta sa iba't ibang aspeto ng kanilang mga proyekto at programa—ang Psychafellas, PsychUP, Psychedellic Movers, Psychology Logistics and Creatives, at PsyCare. Bawat isa sa mga ito ay may partikular na tungkulin: mula sa pagpapalaganap ng kultura ng pagkakaisa at mental wellness, hanggang sa logistics, creatives, at community involvement. Bukod pa rito, nakikipag-ugnayan din ang Psychology Circle sa Committee of Student Associates (CSA) sa pagbuo at pagpapatupad ng mga programa at patakarang nakatuon sa kapakanan at pag-unlad ng mga mag-aaral.

Mahalagang papel ang ginagampanan ng organisasyon sa pagpapalaganap at pagpapamulat ng Sikolohiyang Pilipino (SP) sa hanay ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad, seminar, at kampanyang pangkaalaman, nagiging daluyan ito ng mga diskurso tungkol sa pagkakakilanlan, kultura, at pagpapahalagang Pilipino sa konteksto ng sikolohiya. Gayunpaman, hindi lamang nakasentro ang kanilang mga gawain sa SP; ang Psychology Circle ay patuloy ding nagsusulong ng kabuuang pag-unlad ng larangan ng sikolohiya, kabilang ang mga usaping mental health, pananaliksik, at propesyonal na paghubog ng mga mag-aaral bilang mga susunod na propesyonal sa larangang ito.

CVSU IMUS LOGO | SMS LOGO

Samahan ng Mga Mag-aaral ng Sikolohiya | Cavite State University - Imus Campus

Ang Samahan ng mga Mag-aaral ng Sikolohiya (SMS) ay ang opisyal na organisasyon ng mga estudyanteng kumukuha ng Sikolohiya sa Cavite State University – Imus Campus. Layunin nitong itaguyod ang Sikolohiya bilang isang agham na nagsisilbing gabay sa paggawa ng polisiya at sa pangaraw-araw na pamumuhay. Isa rin itong puwersang nagbubuklod sa mga mag-aaral upang palaganapin ang kaalaman at praktika ng disiplina. Isinusulong ng SMS ang paggamit ng Sikolohiya para sa kapakinabangan ng bawat tao at ng lipunan, habang iginigiit ang karapatang pantao, kapakanan ng komunidad, at dangal ng bawat indibidwal. Bilang mga mag-aaral ng Sikolohiya, mahalaga ang ating papel sa pagpapaunlad ng isang Sikolohiyang tunay na Pilipino—isang disiplina na tumutugon sa ating mga karanasan at tanong bilang isang lahi. Sa tulong ng SMS, higit na napapalalim ang pagkakaunawaan at pagkakaisa para sa isang makabuluhang adhikain.

CCC LOGO | Psychology Club on Humanistic Education LOGO

Psychology Club on Humanistic Education | City College of Calamba

Ang PsyCHE o Psychology Club on Humanistic Education ay ang kauna-unahang akademikong organisasyon mula sa bagong tatag na Departamento ng Sining at Agham sa Dalubhasaan ng Calamba. Nagsimula itong buuin noong Disyembre 2022 at opisyal na kinilala bilang organisasyon noong taong 2023. Ang mga miyembro ng organisasyon ay ang mga kasalukuyang mag-aaral ng Batsilyer sa Agham ng Sikolohiya. Mula noon, ang PsyCHE ay patuloy na nagsusulong ng kaalaman, kamalayan, at malasakit sa kalusugang pangkaisipan at sa Sikolohiyang Filipino—hindi lamang para sa mga isko't iska ng dalubhasaan, kundi maging sa komunidad ng Lungsod ng Calamba.

LETRAN ORG LOGO | LPS LOGO

Letran Psychology Society | Colegio de San Juan de Letran - Manila

Ang Letran Psychology Society (LPS) ay ang opisyal na samahan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa Colegio de San Juan de Letran – Manila. Layunin ng organisasyon na isulong ang kabuuang pag-unlad ng mga estudyante—sosyal, kultural, at pisikal—habang pinangangalagaan ang diwa ng pagiging isang tunay na Kabalyero. Tinutulungan ng LPS ang mga miyembro na tuklasin ang kanilang kakayahan bilang mga tagapagtaguyod ng kalusugang pangkaisipan at mga hinaharap na propesyonal sa larangan ng Sikolohiya.

Hangad ng LPS ang pagbuo ng komunidad na nagbibigay-halaga sa kalusugang pangkaisipan at sa pagpapalawak ng kamalayan ukol dito. Hinihikayat ang mga miyembro na makibahagi sa mga gawaing nagpapalawak ng kanilang kaalaman sa mga kontemporaryong isyu sa Sikolohiya at pinatatatag ang ugnayan sa kapwa estudyante, sa loob man o labas ng Letran. Itinataguyod din ng LPS ang isang ligtas at inklusibong espasyo para sa lahat, isang samahan kung saan walang naiiwan.

DLSAU LOGO | PSYCHSOC DLSAU LOGO

Psychology Society DLSAU | De La Salle Araneta University

Ang Psychology Society DLSAU o mas kilala rin sa bansag nito na "PSY-SOC" ay humahango ng inspirasyon sa mga lasallian ethical values upang maipagpatuloy ang paghubog ng mga potensyal sa larang ng eskolastiko at pagpapakatao ng bawat

miyembro. Sa pamamagitan nito ay maisusulong ang pagprotekta at pagtaguyod sa mga karapatan at pangkalahatang kapakanan.

Layunin ng PSY-SOC ang paghubog sa bawat miyembro na maging maalam sa mga tuntunin ukol sa usapin ng mental health at mapanatili ang ugnayan nito sa iba pang mga psychological chapters nang sa gayon ay maisakatuparan nito ang pagkakaroon ng mga mag-aaral na sumusunod sa christian at ethical values habang naglilingkod nang marangal sa Diyos, sa bayan, at sa kapwa.

DLSU-D LOGO | DPS LOGO

DLSU-D Psychological Society | De La Salle University - Dasmariñas

Ang DLSU-D Psychological Society (DPS) ay isang ko-kurikular na samahan para sa mga mag-aaral ng sikolohiya sa Pamantasang De La Salle – Dasmarinas. Nilalayon ng organisasyon na itaguyod ang adbokasiya ng mga kasapi nito tungo sa pagtugon ng sikolohiya sa mas malawakang komunidad. Sa pagpapahalaga ng prinsipyong devotion, progress, at success, isinasapuso ng organisasyon at ang bawat miyembro nito ang dedikasyon sa kamalayang kalusugang pangkaisipan at serbisyo sa bawat mag-aaral ng pamantasan.

EARIST LOGO | EARIST ORG LOGO

EARIST-Elite Students Of Psychology Association | Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology

Kami, ang mga mag-aaral ng BS Psychology sa Kolehiyo ng Sining at Agham (CAS) ng Eulogio “Amang” Rodriguez Institute of Science and Technology (EARIST), na humihingi ng patnubay ng Makapangyarihang Diyos, at nananalig sa aming kakayahan, karapatan, at tungkulin, ay nagkakaisa upang likhain para sa aming mga sarili ang isang maayos at makabuluhang ugnayan at pagkakaunawaan na magaambag sa pag-unlad at paglago ng mga mag-aaral.

Sa pagkakaroon ng bukas-palad na pagtugon sa mga pangangailangan ng estudyante, aming pagsisikapan na gamitin ang mabisang at makabuluhang mga paraan upang makamit ang mga marangal na layunin ng Kolehiyo at maging mga mag-aaral na kapaki-pakinabang sa kolehiyo sa partikular, at sa bansa sa pangkalahatan.

Dahil dito, kami ay taimtim na sumusunod at tumatalima sa konstitusyong ito.

FAITH LOGO | FPS LOGO

FAITH Psychology Society | First Asia Institute of Technology and Humanities Colleges

[Maikling deskripsyon]

Ang FAITH Psychology Society (FAIPS) ay ang opisyal na samahan ng mga mag-aaral ng BS Psychology sa FAITH Colleges. Layunin nitong itaas ang kamalayan tungkol sa kalusugang pangkaisipan, itaguyod ang Sikolohiyang Pilipino, at makibahagi sa mga gawaing pangkomunidad na nagpapalawak ng pag-unawa sa tao at lipunan. Sa diwa ng kanilang panawagan—"Para sa Sikolohiyang Makatao, Mapagpalaya, at Matatag"—ang FAIPS ay nagsisilbing tinig ng kabataan sa pagsusulong ng isang sikolohiyang nakaugat sa malasakit, katarungan, at katatagan. Sa bawat proyekto at adbokasiya, isinasabuhay ng FAIPS ang pangakong gamitin ang kaalaman sa sikolohiya bilang kasangkapan sa pagbabago, pagpapagaling, at pag-asa para sa kapwa.

HAU LOGO | HAU PSYCH SOC LOGO

HAU Psychology Society | Holy Angel University

Ang HAU Psychology Society ay itinatag noong taong 2003, ay opisyal na samahan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa Holy Angel University sa probinsyang Pampanga. Layunin ng organisasyon na isulong ang kaalaman at pagpapalalim ng disiplina ng Sikolohiya, habang isinasabuhay ang islogan nitong "Beyond Perception, Profession, and Possibilities." Bahagi ng pangitain at misyon ng samahan ang pagpapanatili ng magandang ugnayan sa pagitan ng mga miyembro o mag-aaral upang mapalakas pa lalo ang pagkakaisa sa loob ng Sikolohiyang Kagawaran.

Higit pa rito, hangad ng organisasyon na lumikha ng isang komunidad na may sapat na kaalaman tungkol sa kahalagahan ng Sikolohiya sa lipunan at sa iba't ibang aspeto ng buhay. Sa pamamagitan ng mga aktibidad at programang pang-edukasyon, isinusulong ng organisasyon ang propesyon ng Sikolohiya bilang isang mahalagang bahagi ng paglilingkod sa kapwa at paghubog sa mas makataong lipunan.

JRU LOGO | RPSYCHE LOGO

Rizalian Psychological Society | José Rizal University

Itinatag noong Agosto 2020, ang Rizalian Psychological Society o RPsycheS ay isang akademikong organisasyon sa José Rizal University na aktibong nagsusumikap na palakasin ang kahusayan at kakayahan sa akademiko at ang pakikilahok sa komunidad ng mga mag-aaral ng sikolohiyang sakop nito. Sila rin ay aktibong nagsusulong ng social inclusivity, kamalayan sa mental health, at psychology literacy sa pamamagitan ng iba't ibang inisyatiba, proyekto, at aktibidad, at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang organisasyon sa loob at labas ng unibersidad. Bukod pa rito, nagtataguyod din sila ng academic growth na patuloy na sumusuporta sa academic pillars ng unibersidad. Higit sa lahat, nilalayon din ng RPsycheS na maisabuhay at mapalaganap ang makataong prinsipyo, kahusayan, at etika ng sikolohiya.

KLD LOGO | KLD PSYCHSOC LOGO

KLD Psychology Society | Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmariñas

Ang Psychology Society ng Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmariñas o mas kilala bilang KLD PSYCHSOC ay isang samahan na binubuo ng mga mag-aaral ng sikolohiya mula sa Institute of Behavioral Sciences. Itinatag ang KLD PSYCHSOC upang palawakin ang hangganan ng kamalayan sa kalusugang pangkaisipan hindi lamang bilang konsepto, kundi bilang buhay na karanasan na may konkretong implikasyon sa bawat aspeto ng pagkatao. Sa pamamagitan ng aming mga proyekto at tagumpay, ipinapakita nila ang dedikasyon ng KLD sa Knowledge, Leadership, and Dedication — ang mismong core values ng aming institusyon.

LCCB LOGO | LCCB-DI LOGO

LCCB Dalub Isip | La Consolacion College Biñan

Itinatag ang LCC Biñan Dalub Isip noong Agosto 22, 2022. Layunin ng Dalub Isip Organization na maging isang kinikilalang Center of Excellence sa larangan ng edukasyong sikolohiya sa pamamagitan ng pagsasanib ng kakayahan, dedikasyon, at malasakit sa pagtuturo, pananaliksik, mga inisyatibong pangkomunidad, at sa aktwal na pagsasagawa ng sikolohiya.

Ang departamento ay nakatuon sa paghahanap ng siyentipikong katotohanan at kahusayan sa parehong akademiko at propesyonal na gawain. Hango sa espiritwalidad na Augustinian at pinagyayaman ng matibay na pundasyon ng teoryang sikolohikal na sinasabayan ng aktibong pagsasanay, nagsusumikap ang departamento na maging

kasangkapan ng pagbabago na nagtataguyod ng higit na kaganapan ng buhay ng mga indibidwal sa La Consolacion College of Biñan.

LCUP LOGO | LCUP PSYCH SOC LOGO

LCUP Psychology Society | La Consolacion University Philippines

Ang Psychology Society ng La Consolacion University Philippines (LCUP), na matatagpuan sa Lungsod ng Malolos, Bulacan, ay isang kinikilalang akademikong organisasyong binubuo ng mga mag-aaral ng Bachelor of Arts in Psychology at Bachelor of Science in Psychology Leading to Doctor of Medicine sa ilalim ng College of Arts, Sciences, and Education (CASE). Itinatag ito upang linangin ang kaalaman, kakayahan, at sensibilidad ng mga mag-aaral sa larangan ng Sikolohiya—nakatuon hindi lamang sa teorya kundi sa aktibong aplikasyon nito sa lipunan.

Katuwang ng unibersidad sa pagtataguyod ng holistic at transformative education, nilalayon ng samahan na paunlarin ang kasanayang pangkaisipan, emosyonal, espiritwal, at panlipunan ng bawat miyembro. Sa pamamagitan ng mga seminar, pananaliksik, community outreach, at partisipasyon sa mga pambansa at rehiyonal na kumperensiya, hinuhubog ang mga kasapi bilang research-equipped, socially-engaged, and values-driven individuals.

Ang mga adhikain ng Psychology Society ay nakaangkla sa misyon at bisyon ng LCUP bilang isang Kristiyanong pamantasan na nagbibigay-diin sa pananampalataya, kahusayan, at integridad. Mahigpit din itong nakaugat sa maka-Agustinong tradisyon na nagsusulong ng kalooban, pakikiramay, pakikibahagi, lakas ng loob, kababaang-loob, at paglilingkod—anim na pangunahing pagpapahalagang isinasabuhay ng bawat miyembro. Kasabay nito, kinikilala ng samahan ang kahalagahan ng Sikolohiyang Pilipino bilang pundasyon ng makabuluhang pag-unawa sa sarili at sa kapwa, at bilang ambag sa paghubog ng isang makatao, makabayan, at maka-Diyos na lipunan.

LCBA LOGO | LCBA PSYCH SOC LOGO

LCBA Psychology Society | Laguna College of Business and Arts

Ang LCBA Psychology Society ay isang organisasyong pang-akademiko sa Laguna College of Business and Arts na binubuo ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa pamantasan. Layunin nitong patuloy na ipagbunyi at itaguyod ang kagandahan at kahalagahan ng larangan ng Sikolohiya, palawakin ang kaalaman at kamalayan ng mga mag-aaral ng LCBA tungkol sa Sikolohiya, at patatagin ang pagkakaisa at samahan ng mga kasapi ng organisasyon.

Nakatuon ang organisasyon sa pagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto at siyentipikong pagtuklas tungkol sa mga prinsipyo ng pag-uugali at mga proseso ng pag-iisip bilang mahalagang ambag sa pag-aaral at pagsasanay sa larangan ng Sikolohiya. Nilalayon nitong lumikha ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga sa disiplina.

Higit sa lahat, nagsisilbi ang LCBA Psychology Society bilang plataporma para sa mga mag-aaral na maitaguyod ang disiplina ng Sikolohiya at maipamalas ang kahalagahan nito sa indibidwal at lipunan. Isinusulong din ng organisasyon ang pagpapalawak ng kamalayan at pagpapahalaga sa pangkalusugang pangkaisipan, na may layuning makapag-ambag sa pagbuo ng isang mas maalam at mapagmalasakit na komunidad sa loob at labas ng pamantasan.

LOA LOGO | PNEUMA PS LOGO

Pneuma Psychology Society | Lyceum of Alabang

Ang Pneuma Psychology Society ang opisyal na organisasyon ng mga estudyante sa Sikolohiya ng Lyceum of Alabang. Nanggaling ang pangalan nito sa salitang Griyego na ‘Pneuma’ na ang ibig sabihin ay “espiritu/diwa” (spirit) o “hininga” (breathe). Maari din itong isalin bilang “hininga mula sa diwa” (breath from the soul).

Ang samahan na ito ay nabuo upang mas mapalapit sa isa't isa ang mga mag-aaral at alagad ng Sikolohiya, at mas maisulong pa ang kamalayan nito sa ating mga kapwa. Layunin nito na mas mapalaganap pa ang kahalagahan ng kalusugang pangkaisipan at mabawasan ang stereotype, stigma, at diskriminasyon sa Sikolohiya at mga konsepto nito, gamit ang kapangyarihan ng edukasyon at pagkakaisa. Ang Pneuma ay siya ring nakatuon sa pagiging inklusibo at mapagpabagong-isip. Mariin din ang Pneuma-Psychology Society sa pagtaguyod ng Sikolohiyang Pilipino upang mamayagpag ang ating sariling kultura at mga karanasan na natatangi.

LPU-B LOGO | PALS LOGO

Psychology Association of LPU-Batangas | Lyceum of the Philippines University-Batangas

Ang Psychology Association of LPU-Batangas ay samahan ng mga sikolohiyang mag-aaral sa pamantasan na naglalayong itaguyod ang kaunlarang pang pisikal,

emosyonal, intelektwal at sosyal ng bawat indibidwal at himukin ang mga ito na makamit ang mataas na pamantayan ng iskolarikong kahalagahan sa kanilang napiling disiplina.

LPU-C LOGO | LUPS LOGO

League of United Psychology Students | Lyceum of the Philippines University-Cavite

Ang League of United Psychology Students (LUPS) ay isang organisasyon na binubuo ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa ilalim ng programa ng College of Liberal Arts and Education sa Lyceum of the Philippines University - Cavite.

Ang organisasyon na ito ay itinatag na may layuning turuan ang mga mag-aaral tungkol sa halaga ng kalusugang pangkaisipan habang binibigyan sila ng pagkakataong matuto at bumuo ng impormasyon, kasanayan, katangian, at mga halaga na nauugnay sa propesyon ng sikolohiya.

Ang layunin nito ay isulong ang pisikal, emosyonal, espirituwal, at panlipunang paglago ng mga miyembro pati na rin ang palawakin ang mga kakayahan sa pag-iisip sa pamamagitan ng pag-aaral ng iba't ibang sikolohikal na pananaw. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa iba't ibang akademiko at ekstrakurikular na mga kaganapan, ito rin ay gumaganap bilang isang alyansa upang pagsama-samahin ang mga mag-aaral sa mga guro, administrador, alumni, at iba pang miyembro ng Unibersidad. Ang organisasyon na ito ay pinamumunuan ng isang Adviser, Executive Board, Joint Committees, at mga Board of Representatives na may tungkuling maglingkod sa Kagawaran ng Sikolohiya.

LPU-L LOGO | LPU-L PSYCH SOC LOGO

LPU-Laguna Psychology Society | Lyceum of the Philippines University-Laguna

Ang LPU-Laguna Psychology Society (Kalipunang Sikolohiya ng LPU-Laguna) ay isang pang-akademikong co-kurikular na organisasyon sa Lyceum of the Philippines University-Laguna na binububuo ng lahat ng mga pangunahing mag-aaral ng Sikolohiya rito. Pangunahing nilalayon ng samahang ito ang makapagbigay-kamalayan patungkol sa kalusugang pang-mentalidad ng mga indibidwal sa pamamagitan ng pagbigay ng at pagdalo sa iba’t ibang mga pantas-aral. Alinsunod dito, nilalayon din nitong mapabuti ang kalidad ng pamumuhay ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng bukas-loob na paglilingkod sa kanilang mga pangangailangang pang-mentalidad na kalusugan at pang-komunidad na suporta sa pamamagitan ng iba’t ibang mga aktibidad.

MTC LOGO | TYTANA PSYCHSOC LOGO

Tytana Psychology Society | Manila Tytana Colleges

Ang Tytana Psychology Society ay nabuo upang paunlarin ang mga mag-aaral ng sikolohiya upang maging responsable sa pagkamit ng misyon at layunin ng Manila Tytana Colleges. Higit pa rito, ang Psychology Society ay naglalayong itatag ang departamento ng sikolohiya bilang isang yunit na nakatuon sa pagbuo ng pinakamataas na potensyal ng mga mag-aaral sa kanilang larangan ng pagdadalubhasa. Ang Psychology Society (Psych Soc), bilang isang departamentong grupo sa ilalim ng Recognized Students' Organizations, ay nakikipagtulungan sa Student Government. Ang layunin nito ay tatlo: pagpaparehistro, promosyon, at regulasyon ng departamento ng sikolohiya. Nakikipagtulungan din ang Psych Soc sa mga bagong nabubuong mga grupo upang makamit nila ang isang organisado at mahusay na kaibuturan.

NCST LOGO | NCST PSYCH SOC LOGO

NCST Psychology Society | National College of Science and Technology

Ang samahan ng mga sikolohistang mag-aaral sa National College of Science and Technology (NCST) ay pinangungunahan ng tagapayo at mga nahalal na opisyales na kumikilos at nag-aayos ng mga aktibidades para sa lahat ng miyembro. Pinapanatili ng organisasyong ito ang kaayusan ng mga pasilidad at kasangkapan sa paaralan na sakop ng Sikolohiya. Ito ay naglalayon na linangin ang talino at kakayahan ng mga mag-aaral at bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro na makilahok sa mga gawain sa labas ng paaralan na may kinalaman sa nasabing paksa. Sa pamamagitan nito ay mahuhubog ang kumpyansa at pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral upang maibahagi sa iba pang magiging miyembro ang kanilang natutunan. Ang National College of Science and Technology (NCST) ay isa sa mga nangungunang institusyon ng pang-edukasyon sa malawak at patuloy na umuunlad na bayan ng Dasmariñas, Cavite. Ang NCST ay aktibong nakikilahok sa patuloy na pagbuo at pag-aaral ng mga bagong kurso, pagyabong ng nga umiiral na kurikulum, at pagpapalawig ng ang pasilidad nito upang tiyak na masuportahan ang iba't ibang programa na inihahandog nito. Ang pakikipagugnayan ng paaralang ito sa mga pang-industriyang sektor ay nagbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kakayahan, hindi lamang sa pang-akademikong kasanayan subalit pati na rin sa kapaligiran ng pook-gawaan.

NU CLARK LOGO | NU CLARK PSYCH SOC LOGO

NU Clark Psychology Society | NU Clark

Paghubog ng Isip, Pamumuno sa mga Tagaganyak para sa Kinabukasan ay nangangahulugan na ang Psychology Society ay isinusulong ang mga pangunahing pagpapahalaga ng National University sa pamamagitan ng paghubog ng isipan gamit ang kaalaman, integridad, at empatiya. Layunin nitong maglinang sa mga tagaganyak ng kinabukasan, upang manguna sa pagbibigay ng positibong pagbabago at maangat ang komunidad.

Higit pa sa akademiko ang tinatahak ng Psychology Society, dahil layunin nitong ituro kung paano balansehin ang empatiya at katalinuhan, at linangin ang mga susunod na tagaganyak na may kakayahang magpalakas hindi lamang sa kanilang sarili kundi pati na rin sa iba upang umunlad, magbigay ng ganyak, at mamuno.

NU LAGUNA LOGO | NU LAGUNA PSYCH SOC LOGO

NU Laguna Psychology Society | NU Laguna

Ang Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohiya ng National University - Laguna (NU Laguna Psychology Society o NU-LPS) ay isang organisasyong binubuo ng mga mag-aaral sa ilalim ng Departamento ng Sikolohiya. Ito ay pinapatnubayan at pangangasiwaan ng Tagapangulo ng Departamento, si Doktora Marjualita Theresa Malapo.

Mayroon itong humigit-kumulang 600 kasaping mag-aaral na pinamumunuan ng sampung (10) tagapagpaganap at dalawang (2) kinatawan ng bawat pangkat (block representatives). Sama-samang isinasakatuparan ang mga programa at layunin ng organisasyon upang matiyak ang maayos, makabuluhan, at aktibong pakikilahok ng bawat kasapi.

Bilang katuparan sa mithiin nitong paunlarin ang larangan ng Sikolohiya, ang NU-LPS ay masiglang nagpapatupad ng mga programang nakatuon sa pag-unlad na akademiko at paglilingkod sa pamayanan. Kabilang sa mga ito ang mga seminar, pagsasanay, gawaing pangmag-aaral, at proyektong pangkomunidad na naglalayong palawakin ang kaalaman, linangin ang kakayahan, at magbigay-ambag sa kabutihan ng lipunan. Sa patuloy nitong pakikipag-ugnayan sa iba't ibang organisasyon sa loob at labas ng pamantasan, pinagtitibay ng NU-LPS ang papel ng mga mag-aaral bilang mapanagutang tagapagtaguyod ng Sikolohiyang Pilipino—isang sikolohiyang malaya, mapagpalaya, at mapagpabagong-isip.

NU LIPA LOGO | NU LIPA PSYCH SOC LOGO

NU Lipa Psychology Society | NU Lipa

Ang NU Lipa Psychology Society ay isang samahan ng mga mag-aaral ng Bachelor of Science in Psychology na naglalayong paunlarin ang pag-unawa sa isip, damdamin, at asal ng tao. Itinatag ito upang magsilbing daan tungo sa pagkakaroon ng maayos, suportado, at inklusibong komunidad sa loob ng unibersidad. Sa pamamagitan ng mga programa at proyektong nakatuon sa paglinang ng sarili, pagpapahalaga sa kapwa, at paghubog ng karakter, isinusulong ng organisasyon ang disiplina, liderato, at malasakit sa kapwa estudyante. Layunin nitong makabuo ng mga mag-aaral na may mataas na kamalayan sa sarili at sa lipunan, at maging globally competitive na propesyonal na taglay ang mga pangunahing pagpapahalaga ng NU Lipa compassion, innovation, at excellence bilang gabay sa paghubog ng makatao at makabuluhang pagbabago.

OC LOGO | PSYCH CIRCLE LOGO

Psyche Circle Organization | Olivarez College

Ang organisasyong a nagsisilbing opisyal na samahan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa Olivarez College sa ilalim ng Departamento ng Sikolohiya. Itinatag noong 1986, layunin nitong mapaunlad ang kaalaman,, kasanayan, at kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng Sikolohiya sa pamamagitan ng iba't-ibang akademiko at extra-curricular na gawain.

Itinataguyod din nito ang pagkakaibigan, pagkakaisa, bolunterismo, at pananagutan sa pagitan ng mga miyembro, opisyal, at faculty. Binibigyang-halaga ng organisasyon ang mahusay na pamamahala at pakikipag-ugnayan sa loob at labas ng institusyon upang mahubog ang mga mag-aaral na may mataas na pamantayan sa akademiko at personal na pag-unlad.

Higit sa lahat, isinasabuhay nito ang misyon, pananaw, at mga pagpapahalaga ng pagiging isang "Olivarian" sa pamamagitan ng paggamit ng kaalaman sa Sikolohiya lalo na sa pag-unawa at pagsasabuhay nito sa konteksto ng Sikolohiyang Pilipino.

OLFU LOGO | PSYCHSOC OLFUQC LOGO

Psychological Society OLFU - Quezon City | Our Lady of Fatima University - Quezon City

Ang Psychological Society – OLFU QC ay isang kinikilalang akademikong samahan na nakatuon sa pagbibigay ng maayos, organisado, at makabuluhang kapaligiran para sa mga mag-aaral ng sikolohista. Pangunahing layunin ng organisasyong ito ay ang pagtataguyod ng mapayapang pakikipagkapwa, maayos na ugnayan sa mga guro, at matalinong pamamalakad ng mga gawain. Higit pa rito, pinangangalagaan ng samahan ang paghubog ng mga mag-aaral tungo sa mas mataas na antas ng kaalaman, disiplina, at profesionalismo. Ang mga adhikain nito ay hindi lamang nakatuon para sa kapakanan ng mga kasapi, kundi nakalaan din para sa mas malawak na komunidad na kanilang paglilingkuran at pagbabahagian ng kaalaman at serbisyo na makakatulong sa larangan ng kalusugang pangkaisipan at Sikolohiya.

OLFU LOGO | PSYCH SOC OLFU-VAL LOGO

Psychological Society, OLFU - Valenzuela | Our Lady of Fatima University - Valenzuela City

Ang Psychological Society, OLFU-Valenzuela ay isang organisasyong pinangungunahan ng mga estudyanteng may layuning magtaguyod ng diwang-pangkomunidadsa loob ng unibersidad at bumuo ng oportunidad sa mga miyembro nito sa pagpapa-unlad ng kani-kanilang asal, kompitensya, at husay sa pagbuo ng inisyatibo sa loob at labas ng institusyon.

PNC LOGO | PNC SSP LOGO

Pamantasan ng Cabuyao - Samahan sa Sikolohiyang Pilipino | Pamantasan ng Cabuyao (University of Cabuyao)

Ang Pamantasan ng Cabuyao - Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PNC-SAISIP) ay isang organisasyong naglalayong ipakilala, palaganapin, at payabungin ang Sikolohiyang Pilipino bilang isang agham at kilusan. Isinusulong nito ang sikolohiyang nakaugat sa karanasan, kultura, paninila, at tunay na kalagayan ng mga Pilipino, habang binibigyang-diin ang mahalagang papel ng sikolohiya sa pag-unawa at pagpapaunlad ng lipunang Pilipino.

Sa pamamagitan ng mga pananaliksik, pagsasanay, at gawaing pangkomunidad, hinihikayat ng PNC-SAISIP an mga mag-aaral na gamitin ang kanilang kaalaman at kasanayan hindi lamang para sa sariling pag-unlad kundi para rin sa kapakanan ng kapwa at sambayanan. Layunin nitong hubugin ang mga mag-aaral na may diwa, isip, at pusong Pilipino at handang maglingkod sa kapwa sa pamamagitan ng Sikolohiyang Pilipino.

PLM LOGO | PLM PSYCH SOC LOGO

PLM Psychological Society | Pamantasan ng Lungsod ng Maynila

Ang PLM Psychological Society ay isang organisasyong binubuo ng mga mag-aaral na naglalayong maging dalubhasa sa disiplina ng Sikolohiya sa pamamagitan ng pag-aaral ng batsilyer ng agham sa Sikolohiya. Ito ay itinatag noong 1986 sa pagnanais na magkaroon ng pagkakaisa ang lahat ng kasapi nito.

Ang PLM PsySoc ay naglalayong mapanatili ang pagtutulungan ng lahat ng mag-aaral sa Sikolohiya: mapa-akademiko, panlipunan, at pangkultural. Pangalawa, magtatag ng isang samahan ng mga mag-aaral na magiging sentro sa pagpapalawig ng kaalaman. At panghuli, mapalalim ang kamalayang panlipunan ukol sa mga tungkulin, gawain, o mga proyekto na naglalayong maisulong ang Sikolohiya.

Ang bisyon ng samahan ay maging sentro ng kahusayan para sa pagkakaisa at kapakinabangan ng mga magiging propesyonal sa larangan ng Sikolohiya. Katuwang nito ay ang misyon na mapagbuklod ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng iisang mithiing makamit ang malalim na pang-unawa sa Sikolohiya sa pamamagitan ng masigla at epektibong pakikipag-ugnay upang makabuo ng mga maaasahang dalubhasa sa disiplina ng Sikolohiya.

PNU LOGO | PNU PCS LOGO

PNU Psychology and Counseling Society | Philippine Normal University

Ang PNU Psychology and Counseling Society (PNU-PCS) ng Pamantasang Normal ng Pilipinas - Maynila ay higit pa sa isang samahan, ito ay isang kilusan tungo sa paghubog ng mga Sikolohistang may malasakit sa bayan. Bilang bahagi ng Tuluyang Programa ng Batsilyer ng Agham- Master sa Sining ng Sikolohiya at Pamamatnubay, pinanday ang organisasyong ito upang ihanda ang mga mag-aaral bilang tagapagtanggol ng kalusugang pangkaisipan at kamalayang panlipunan na handang maglingkod hindi lamang sa unibersidad, kundi sa mas malawak na komunidad at bayan. Sa pamamagitan ng pananaliksik, seminar, workshop, adbokasiya, at gawaing

pangkomunidad, binubuo nito ang mga programang naglalayong palalimin ang pag-unawa sa sarili at kapwa, at higit sa lahat, ituon ang kaalaman at kasanayan sa paglilingkod para sa kapakanan ng nakararami. Hindi lamang ito espasyo para sa pagkatuto; ito'y lunan para sa paglago, pakikipagkapwa, at pag-ambag sa bayan. Dito, ang bawat kasapi ay inaanyayahang magsikhay, maglingkod, at maging kabahagi ng adhikaing bumuo ng isang lipunang makatao, makatarungan, at makabayan—isang lipunang pinangungunahan ng mga Sikolohistang tunay na para sa bayan.

PUP LOGO | PUP BUKLURAN SA SP LOGO

PUP - Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino | Polytechnic University of the Philippines - Sta. Mesa

Ang PUP – Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino (PUP-BSP), sa ilalim ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, ay isang akademikong organisasyong naglalayong unawain, paunlarin, at ipalaganap ang disiplina ng Sikolohiyang maka-Pilipino at para sa mga Pilipino sa loob at labas ng akademya.

Sa PUP-BSP, itinataguyod ng mga miyembro ang kahalagahan ng Sikolohiyang Pilipino sa pamamagitan ng mga kaganapan at inisyatibang nagpapalawig at nagpapalalim sa disiplina, gaya ng Kapihan, Cultural Night, Talaksaliksik, at iba pang anyo ng edukasyonal na diskurso. Pinangangasiwaan din nila ang mga aktibidad sa labas ng pamantasan upang mapayabong ang siko-sosyal na aspeto nito, tulad ng Paskuhan at Immersion, na mithing linangin at kalapin ang kaalaman sa praktikal na pamamaraan.

Hangad ng organisasyon na paunlarin, pagyamanin, at pagtibayin ang pundasyon at esensya ng adhikain nito sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-usisa, at pag-unawa sa iba't ibang karanasang Pilipino.

PUP-STC LOGO | PSYCHSOC PUP-STC LOGO

Psychology Society (PUP-STBC) | Polytechnic University of the Philippines - Sto. Tomas Campus

Ang Psychology Society ay isang organisasyong pang-akademiko na nakatuon sa pagsusulong ng kamalayan hinggil sa kalusugang pangkaisipan at sa pagwawaksi ng stigma na kaakibat nito. Ipinatutupad ito sa pamamagitan ng psychoeducation, pagpapalaganap ng impormasyon, at pagsasagawa ng mga programang tumutugon sa mga kontemporanyong isyu kaugnay ng kalusugang mental ng mga estudyante, komunidad, at iba pang mga kinauukulan.

Bilang bahagi ng adbokasiya nito, ang Psychology Society ay aktibong nagsusulong ng Sikolohiyang Pilipino bilang isang hakbang tungo sa dekolonisasyon ng ating sikolohiya. Isinusulong nito ang inklusibidad sa pamamagitan ng pagtanggap sa katutubong balangkas ng sikolohiya na nakabatay sa tunay na karanasan, kaisipan, at oryentasyong kultural ng mga Pilipino. Sa ganitong paraan, natutulungan ang mga mag-aaral sa kanilang personal at propesyonal na pag-unlad bilang mga hinaharap na dalubhasa sa larangan ng Sikolohiya.

Layunin din ng organisasyon na itaguyod ang pagkakaisa sa hanay ng mga mag-aaral ng PUP, partikular ang mga major sa Sikolohiya. Itinataguyod nito ang pakikilahok at kooperasyon sa pagitan ng mga mag-aaral anuman ang kanilang programa, kasarian, identidad, lahi, etnisidad, o relihiyon. Bukod dito, nagsasagawa ang organisasyon ng mga proyekto at aktibidad sa loob at labas ng pamantasan na naglalayong palawakin ang edukasyon at kamalayan sa kalusugang pangkaisipan, gayundin ang pagsuporta sa mga gawaing akademiko at ekstra-kurikular ng mga estudyante.

PRMSU LOGO | PRMSU PSYCHSOC LOGO

PRMSU Psychological Society | President Ramon Magsaysay State University

Ang PRMSU Psychological Society ay ang opisyal na samahan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa President Ramon Magsaysay State University. Itinatag ito upang linangin ang kaisipan, paigtingin ang kalinga, at isulong ang kakayahan ng bawat miyembro tungo sa makataong paglilingkod. Layunin ng organisasyon na palaganapin ang kamalayan sa kalusugang pangkaisipan at lumikha ng ligtas at bukas na espasyo para sa pagkatuto, pakikipag-ugnayan, at sama-samang pagkilos. Sa tulong ng mga makabuluhang aktibidad, proyekto, at adbokasiya, nagsisilbing tulay ang PRMSU PsychSoc sa pagitan ng kaalaman at malasakit—upang makapag-ambag hindi lamang sa akademikong tagumpay, kundi sa kabuuang kapakanan ng bayan at kapwa.

SBIS LOGO | SAMH LOGO

Student Ambassadors for Mental Health | Saint Benilde International School

Ang Student Ambassadors for Mental Health (SAMH) ay isang organisasyong binubuo ng mga mag-aaral sa sikolohiya na may pusong handang makinig, umunawa, at kumilos para sa lusog-isip. Sa ilalim ng temang “Isip-Habi,” layunin na pagtagpi-tagpiin ang mga kwento, karanasan, at damdamin ng bawat estudyante upang

mabuo ang isang komunidad ng malasakit at pag-asa. Tulad ng mga sinulid sa isang habi, bawat isa ay may kanya-kanyang kulay, ngunit kapag pinagsama, nagiging obra ng pagkakaisa at pag-unlad. Sa SAMH, ang pag-aalaga sa isip ay hindi lamang tungkol sa paghilom, kundi sa muling paghabi ng sarili, mas matatag, mas malaya, at mas buo.

SLSU LOGO | SLSU SAMAHAN SA SP LOGO

SLSU Samahan sa Sikolohiyang Pilipino | Southern Luzon State University - Main Campus

Ang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (SSP) na dating Psychological Society ang kauna-unahang organisasyon ng mga mag-aaral ng programa ng Bachelor of Arts and Psychology sa Southern Luzon State University. Itinatag ito noong taong 1989 kasama si Bb. Loida Talambayan bilang pangulo nito. Kaugnay sa aktibong paglahok ng mga guro at mag-aaral sa Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), nakikiayon ito sa layunin na paunlarin ang ating lipunan.

Ang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino ng Southern Luzon State University (SLSU) ay isang organisasyon na itinatag upang isulong ang Sikolohiyang Pilipino, o ang disiplina ng sikolohiya na nakatuon sa kulturang Pilipino, sa konteksto ng mga lokal na kaisipan, karanasan, at pananaw. Ang layunin ng samahan ay mapalawak ang kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa mga konseptong nakapaloob sa sikolohiya sa Pilipinong konteksto. Kabilang dito ang pagpapalakas ng mga katutubong metodolohiya at teorya sa pag-aaral ng ugali, kultura, at pananaw ng mga Pilipino.

UDM LOGO | UDM PSYCH SOC LOGO

UDM Psychological Society | Universidad de Manila

Ang UDM Psychological Society ay isang kinikilalang organisasyon ng mga mag-aaral ng departamento ng Sikolohiya sa Universidad de Manila na naglalayong paunlarin ang kamalayan at pag unawa sa larangan ng Sikolohiya bilang agham at sining ng pag-uugali at kaisipan ng tao. Layunin ng organisasyon na linangin sa bawat estudyante ang mga konsepto at kahalagahan ng Sikolohiya sa akademiko at lipunan. Ang UDM Psychological Society ay naninindigan sa mga prinsipyong nakabatay sa kahusayan, paggalang, katapatan, at propesyonalismo bilang gabay sa paghubog ng mga mag-aaral na handang maglingkod sa kapwa at sa lipunan.

UB LOGO | UB OPS LOGO

UB Organization of Psychology Students (UB OPS) | University of Batangas

Ang UB Organization of Psychology Students ay binubuo ng lahat ng mga mag-aaral ng AB at BS Psychology sa University of Batangas. Ito ay itinatag upang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong matuto at mapaunlad ang kaalaman, kasanayan, at katangian na may kaugnayan sa larangan ng Sikolohiya at sa pagtataguyod ng kahalagahan ng lusog-isip.

Layunin ng Organization of Psychology Students na turuan ang mga miyembro nito, ang unibersidad, at ang komunidad tungkol sa mga isyung may kinalaman sa lusog-isip sa pamamagitan ng pagsasagawa at pakikilahok sa iba't ibang gawain na makatutulong sa kanila upang maging mga indibidwal na may malusog na pag-iisip.

Ang Organization of Psychology Students ay naglalayong maging pangunahing organisasyon ng mga mag-aaral sa CALABARZON na nakatuon sa pagpapalaganap ng lusog-isip at kabuuang kagalingan sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pang-akademiko at di-pang-akademiko. Sa kasalukuyan, patuloy na isinsulong ng Organization of Psychology Students ang paglinang sa mga mag-aaral ng AB at BS Psychology. Ang mga namumuno sa organisasyong ito ay masusing pinili ng mga mag-aaral upang maglingkod ngayong taon, sa ilalim ng gabay ng kanilang tagapayo na isang Rehistradong Sikometrisyan, Rehistradong Tagapatnubay, at Rehistradong Sikolohista.

UBLC LOGO | UBLC GAPSY LOGO

UBLC-Guild of Aspiring Psychologists | University of Batangas Lipa City

Ang UBLC - Guild of Aspiring Psychologists ay isang organisasyong pang-akademiko sa Pamantasan ng Batangas sa Lungsod ng Lipa na binubuo ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa ilalim ng patnubay ng mga guro at propesyonal sa larangan. Ang pangunahing layunin nito ay pagtibayin ang pagkakaisa ng mga nagnanais tangkilikin at itaguyod ang kamalayan sa kalusugang pangkaisipan sa pamantasan at sa komunidad. Sa pamumuno ng mga opisyal ng organisasyon, naghahangad itong makapagbigay ng mga aktibidad at pulong na naglalayong mapabuti ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa larangan ng Sikolohiya, sa aspetong propesyonal at personal.

UPHSD CALAMBA LOGO | UPHSD-C PSYCH SOC LOGO

UPHSD Calamba Psychology Society | University of Perpetual Help System DALTA - Calamba Campus

Ang sagisag ng organisasyon ay sumisimbolo sa katangian na dapat mayroon ang isang Perpetualite Sikolohista; ang marun (maroon) ay sumisimbolo at kumakatawan sa pagiging matapang, determinado, at tiwala sa sarili; ang puti ay sumisimbolo sa pag-asa at bukas ang pag-iisip; ang ginto ay sumisimbolo sa pagiging habag at pagiging inspirasyon; ang sagisag ng unibersidad na ang sawikain ay “Character Building is Nation Building” na nagpapahayag at sumasaklaw sa layunin ng unibersidad na umunlad ang bawat mag-aaral; at ang simbolo ng sikolohiya.

Ang UPHSD Calamba Psychology Society ay isang akademikong organisasyon at ang opisyal na organisasyon pang sikolohiya ng University of Perpetual Help System DALTA Calamba Campus. Ang organisasyon ay pinapanatili at naglalayon na maging konektado, maging boses ng nakararami, at maipahayag na hindi ka nag-iisa sa bawat laban. Ang UPHSD CALAMBA Psychology Society ay naghahangad na matigil, mawakasan, at mapuksa ang estigma at dikriminasyon na may kaugnay sa kalusugang pangkaisipan na hanggang ngayon ay sakit pa rin ng lipunan. Naglalayon ang organisasyon na manatili at maipabatid sa nakararami na ang sikolohiya ay maaaring pagmulan ng kapayapaan, kasiyahan, at laging bukas sa positibo at negatibong diskusyon tungkol sa usapin ng kalusugang pangkaisipan–at naniniwala na kasing halaga ng kalusugang pangkaisipan ang pisikal at emosyonal na kalusugan.

UST LOGO | UST PSYCH SOC LOGO

UST Psychology Society | University of Santo Tomas

Ang University of Santo Tomas Psychology Society (UST PsychSoc) ay isang kilalang akademikong organisasyon ng mga mag-aaral sa Sikolohiya mula sa UST College of Science na naghahangad na magbigay ng naaangkop na kaalaman sa mga mag-aaral nito ng mga kasanayan na kailangan upang maging bihasa sa aspekto ng edukasyon, industriya, at klinika sa pamamagitan ng pagpapatupad ng iba't ibang mga programa na naglalayong pagyamanin at madagdagan ang pag aaral sa larangan ng Sikolohiya. Ang UST PsychSoc ay naglalayong isulong ang higit na interes sa larangan ng Sikolohiya, upang lumikha ng mga programang tumutugon sa mga hamon at pangangailangan ng Sikolohiya sa Pilipinas, at bumuo ng mga karampatang indibidwal sa mga gawaing pang-akademiko, sosyo-kultural, espirituwal, at pang-komunidad. Ang UST PsychSoc ay nago-organisa at nagpapatupad ng mga aktibidad na angkop sa layunin nito at kumikilos kung kailan naaangkop bilang opisyal na kinatawan ng Kolehiyo at Unibersidad.

UP-D LOGO | UPBI LOGO

UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino (UP Buklod-Isip) | University of the Philippines Diliman

Ang UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino o UP Buklod-Isip ay isang pang-akademikong organisasyon ng mga mag-aaral ng sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Pangunahin sa mga isinusulong ng aming samahan ay ang pagtataguyod at pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino (SP), isang sikolohiyang tunay na sumasalamin sa diwa ng sambayanang Pilipino at sa gayo'y tunay ding tumutugon sa mga pangangailangan at adhikain nito.

UPDEPP LOGO | UP APPLIED PSYCH SOC LOGO

UP Applied Psychology Society | University of the Philippines Diliman Extension Program in Pampanga

Ang UP Applied Psychology Society (UP APsych), isang akademikong organisasyon ng University of the Philippines Diliman Extension Program in Pampanga (UPDEPP), ay naglalayong paunlarin ang pag-aaral ng sikolohiya bilang mahalagang bahagi ng bawat indibidwal at ng lipunan. Sa loob ng mahigit apatnapu't dalawang taon, patuloy na naglilingkod ang organisasyon sa sambayanan, isinasabuhay ang diwa ng Pagpapayabong sa Sarili at Kapwa. Binubuksan ng mga pagpapahalagang ito ang kamalayan ng mga ka-APsych tungo sa mas malawak na pagpapalaganap at pagpapayabong ng kaalaman hinggil sa lusog isip. Sa ganitong layunin, patuloy silang nagsisikap na makapag-ambag sa higit pang pag-unlad ng larangan ng sikolohiya at maibalik ang kabutihan sa pinagmumulan nito—ang lipunan.

Pagpapakilala sa mga Tagapagmasid na Organisasyon

ADDU LOGO | SAMASIKOFIL LOGO

Samahang Mag-aaral ng Sikolohiyang Filipino | Ateneo de Davao University

Ang Samahang Mag-aaral ng Sikolohiyang Filipino (SAMASIKOFIL) ay ang pangunahing akademikong organisasyon ng Departamento ng Sikolohiya sa Ateneo de Davao University. Layunin ng organisasyong ito na isulong at paigtingin ang aplikasyon ng Sikolohiyang Pilipino sa pamamagitan ng mga programang akademiko at panlipunan. Higit pa rito, nagsisilbi rin itong plataporma upang matugunan ang mahahalagang pangangailangan ng mga mag-aaral ng sikolohiya sa unibersidad, habang pinauunlad ang kanilang kamalayan, pakikilahok, at pagkakakilanlang nakaugat sa kulturang Pilipino.

BSU LIPA LOGO | CIRCLE OF PSYCH STUDENTS LOGO

Circle of Psychology Students | Batangas State University, The National Engineering University - Lipa

Ang Circle of Psychology Students (COPS) ay ang opisyal na organisasyon ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Agham sa Sikolohiya sa ilalim ng Kolehiyo ng Sining at Agham sa Batangas State University, The National Engineering University – Lipa. Itinatag noong taong 2014, patuloy na nagsisilbi ang organisasyon bilang plataporma para sa akademiko, personal, at propesyonal na paghubog ng mga mag-aaral, kasabay nito ay ang patuloy na pagsusulong ang adbokasiya para sa kalusugang pangkaisipan, pamumuno at pagkilala sa sariling kakayahan at potensiyal, at makabuluhang pakikilahok sa komunidad.

Nakaugat ang COPS sa tatlong pangunahing pagpapahalaga: Benevolence, Optimism, at Competence—ang malasakit sa kapwa, paninindigang may pag-asa, positibong pananaw, at walang limitasyong paghahangad ng kaalaman at kahusayan. Sa pamamagitan ng mga makabuluhang programa at sama-samang pagkilos, layunin ng organisasyon na hubugin pa ang mga mag-aaral ng sikolohiya na hindi lamang maging mahusay sa kanilang larangan, kundi isabuhay ang malasakit, matatag na pananaw, at kakayahang gamitin ang sikolohiya para sa positibong pagbabago sa sarili, komunidad, at lipunan.

CDC LOGO | PSYCHSOC OF CDC LOGO

Psychological Society of CDC | Calamba Doctors' College

Ang Psychological Society of Calamba Doctors' College ay isang organisasyong binubuo ng mga mag-aaral ng sikolohiya mula sa Calamba Doctors' College noong taong 2015. Ito ay binubuo ng mga mag-aaral na nagsisilbing mga miyembro at mga opisyal na siyang nagpapatakbo sa organisasyon at nagpapanatili ng mga adhikain at layunin nito

Pinapahalagahan ng organisasyong ito ang kahusayan ng bawat miyembro sa akademiko, ang respeto at paggalang sa pagkakaiba ng bawat isa, ang pagiging matapat sa sarili at sa ibang tao lahat ng oras, at ang pagiging responsableng mga mag-aaral o indibidwal sa larangan ng sikolohiya. Ang bawat katangiang nabanggit ang siyang tumutulong upang mapanatili ang kaayusan at pagkakaisa sa loob ng organisasyon. Ang organisasyon at bawat miyembro nito ay mayroong dedikasyon na tumugon sa mga katangiang nabanggit upang maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin bilang isang mag-aaral ng sikolohiya.

Ang organisasyong ito ay binuo ng may maayos na istruktura at magandang hangarin na siyang nagbibigay kahulugan at pagpapahalaga sa mga kaalaman, oportunidad, at usapin hinggil sa pang-akademiko at propesyunal na larangan ng sikolohiya. Ang organisasyong ito ay naglalayong isulong ang pagkakaisa ng bawat mag-aaral ng sikolohiya at ang kahalagahan ng pagkakaugnay-ugnay ng kanilang mga layunin bilang mga indibidwal na nagnanais magkaroon ng bahagi sa larangan ng sikolohiya. Ito ay naghahangad na makapagbigay ng isang kapaligiran na nakatuon sa pagpapalawak ng pagtutulungan sa pagitan ng mga mag-aaral ng sikolohiya na nakalaan para sa pagbabago at siyentipikong pagtuklas ng sikolohiya bilang isang agham, habang isinusulong ang mga mahahalagang usapin hinggil sa kalusugang pangkaisipan.

CCA LOGO | SIKOLOHISTANG KAPAMPANGAN LOGO

Sikolohistang Kapampangan Society (SiKap) | City College of Angeles

Ang Sikolohistang Kapampangan Society o mas kilala bilang SIKAP ay isang pampanuroang organisasyon na itinatag sa loob ng City College of Angeles (CCA). Layunin nitong paigtingin ang kamalayan at malasakit sa larangan ng sikolohiya, partikular sa konteksto ng mga Kapampangan.

/tatsulokpssp
tatsulok_pssp
tatsuloksapssp@gmail.com

Ang SIKAP ay nagsusulong ng pagkakaroon ng lipunang walang hadlang sa kalusugang pangkaisipan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga nakapagpapalakas na ugnayan, espasyo, at gawi para sa lahat. Pinangangalagaan nito ang pagkakapantay-pantay, respeto, at pakikiisa sa mga taong dumaranas ng hamong sikolohikal. Sa bawat gawain, layunin ng samahan na lumikha ng ligtas at suportadong komunidad para sa mga estudyante ng sikolohiya.

Ang Sikolohistang Kapampangan Society ay hindi lamang isang organisasyon—ito ay isang kilusan ng malasakit at pagbabago para sa mas makataong lipunan.

CVSU GENTRI LOGO | ACADEMIC LEAGE OF PSYCH STUDENTS LOGO

Academic League of Psychology Students | Cavite State University - General Trias Campus

Ang Academic League of Psychology Students (ALPS) ay isa sa mga OSAS-accredited na akademikong organisasyon ng Cavite State University–General Trias City Campus sa ilalim ng pamumuno ng Department of Arts and Sciences. Ang ALPS ay isang organisasyong pinamumunuan ng mga estudyante na nagsusulong ng akademikong kahusayan, kaalaman sa sikolohiya, at holistikong pag-unlad ng mga mag-aaral ng Sikolohiya. Nagsisilbi itong plataporma para sa pagkatuto, pagtutulungan, at adbokasiya, na nagtataguyod ng kalusugang pangkaisipan at etikal na pagsasanay sa loob at labas ng unibersidad.

DLSU-D LOGO | PPC LOGO

DLSUD Psychology Program Council | De La Salle University - Dasmariñas

Ang Psychology Program Council (PPC) ay gumagabay sa mga mag-aaral ng aming programa sa ilalim ng gabay ng Lasallian core values ng faith, zeal for service, at communion in mission, kalakip ang mga birtud ng prudence, perseverance, at courage. Layunin naming maitaguyod ang isang aktibo at may malasakit na pamumuno na naglilingkod sa kapakanan ng aming mga kapwa mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga makabuluhang oportunidad tungo sa paghubog ng isang komunidad na may malalim na malasakit at kakayahang magsilbi para sa kapwa.

DLSL LOGO | DLSL PSYCH SOC LOGO

DLSL Psychology Society | De La Salle Lipa

Ang Psychology Society ay hindi lamang isang ordinaryong organisasyon; nakatuon ito sa pagbibigay serbisyo na may malalim na dedikasyon sa paglinang ng pangkalahatang kapakanan ng isip at damdamin ng bawat indibidwal. Ang miyembro at opisyales ng organisasyong ito ay buong pusong nakatuon sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kalusugang pangkaisipan na isang pundasyon sa pag-unawa at pagtugon sa mga hamon ng modernong panahon. Layunin din naming itaguyod ang kakayahang maunawaan at magamit ang mga prinsipyo ng sikolohiya sa pang-araw-araw na buhay, upang ang bawat isa ay magkaroon ng sapat na kaalaman at kasanayan para sa sariling pag-unlad at pagpapasiya. Higit pa rito, aming pinagtibay ang pagbuo ng karakter na nakaugat sa mga halagang Lasalyano, na nagbibigay-diin sa pananampalataya, serbisyo, at pagkakaisa.

Ang aming samahan ay naglalayong bigyang kapangyarihan ang bawat mag-aaral ng Sikolohiya sa lahat ng antas, mula sa mga bagong miyembro hanggang sa mga magtatapos. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng mga inklusibong programa. Ang mga programang ito ay hindi lamang nakatuon sa pagpapahusay ng kaalaman sa akademiya kundi pati na rin sa pagtataguyod ng holistikong kapakanan at pananagutang panlipunan. Sa paghikayat ng aktibong pakikilahok sa mga inisyatibong nakatuon sa komunidad at proyektong nakasentro sa serbisyo, ang Psychology Society ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kaalamang natutunan sa silid-aralan at ang praktikal na aplikasyon nito sa tunay na mundo. Ito ay nagbibigay-daan sa aming mga miyembro na maranasan nang direkta ang epekto ng kanilang kaalaman at serbisyo.

Bilang isang organisasyong nakasentro sa kahusayan, integridad, at inobasyon, binibigyang-anyo ng organisasyon ang sarili bilang isang dinamikong komunidad ng mga propesyonal sa hinaharap. May pangarap kaming makapag-ambag nang makabuluhan sa pandaigdigang larangan ng Sikolohiya, habang isinasabuhay ang diwa ng pananampalataya, serbisyo, at pakikipag-ugnayan sa araw-araw na buhay. Naniniwala kami na sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral, paglilingkod, at pakikipagkapwa-tao, ay makakalikha tayo ng isang lipunang mas maunlad at may pagmamalasakit.

FEU Cavite Logo | FEU Cavite PS Logo

FEU Cavite Psychology Society | Far Eastern College Silang - FEU Cavite

Ang FEU Cavite Psychology Society ay isang organisasyong pinangungunahan ng mga estudyanteng naglalayong mapalaganap nag isang holistic na pagsulong ng

mga miyembro nito, hindi lamang sa akademikong larangan, ngunit sa pagbuo rin ng karakter. Layunin ng aming organisasyon ang makapagtaguyod ng isang masaya, makahulugan, at inklusibong kapaligiran para sa pagkatuto. Pinagsisikapan naming gawain ito upang mahikayat ang mga estudyante upang magsikap sa kanilang akademiko at hubugin ang kanilang propesyonal na landas na pinapangunahan ng intelektwal na pagpapayaman, paghubog ng mabuting karakter, at pagpapalawak ng perspektiba sa larangang aming kinabibilangan.

Higit pa dito, nakatuon din ang aming organisasyon sa paglilingkod sa mga lokal na komunidad sa labas ng paaralan lalo na sa mga sektor na dumaranas ng hamong sikolohikal o sadyang mga highit na nangangailangan ng atensyon at malasakit.

LSPULB LOGO | LSPU-LB PSYCH SOC LOGO

LSPU-LB Psychology Society | Laguna State Polytechnic University–Los Baños Campus

Isang pang-akademikong organisasyon sa Laguna State Polytechnic University-Los Baños Campus (LSPU-LBC) na binubuo ng mga estudyanteng nag-aaral ng kursong sikolohiya.

LIPA CITY COLLEGES LOGO | LCC PSYCH SOC LOGO

Lipa City Colleges Psychology Society | Lipa City Colleges

Ang Lipa City Colleges Psychology Society (LCCPS) ay ang opisyal na organisasyon ng Bachelor of Arts in Psychology sa ilalim ng College of Education and Liberal Arts (CELA). Sa loob ng labing-isang taon ng masigasig na paglilingkod, layunin ng organisasyong ito na paunlarin ang kaalaman, kasanayan, at kamalayan ng bawat miyembro sa pamamagitan ng mga makabuluhan at dekalidad na programa at proyekto.

Itinatag upang maging plataporma para sa mas malalim na pag-unawa sa larangan ng sikolohiya, ang Lipa City Colleges Psychology Society ay nagsisilbing tahanan ng mga estudyanteng may malasakit sa kalusugang pangkaisipan, makataong ugnayan, at etikal na pamumuno. Taun-taon, patuloy itong nagsasagawa ng mga seminar, pagsasanay, kampanya para sa kamalayan sa mental na kalusugan, at iba pang gawaing panlipunan na may layuning hubugin ang mga responsableng mamamayan at lider ng hinaharap.

Ang Lipa City Colleges Psychology Society ay binubuo ng mga kabataang lider at tagapagtaguyod ng agham-panlipunan. Sa patnubay ng mga tagapayo, patuloy itong lumalago—hindi lamang sa bilang, kundi sa kalidad ng paglilingkod, malasakit, at integridad.

LSB LOGO | LSB PSYCH SPHERE LOGO

LSB Psych Sphere Community | Lyceum of Subic Bay, Inc.

Ang programang Sikolohiya sa Lyceum of Subic Bay ay may makabago at dinamikong kurikulum na nakatuon sa pagtuklas, pag-unawa, at mas malalim na pagsusuri sa mga proseso ng pag-iisip at asal ng tao. Layunin nitong hubugin ang mga mag-aaral na may malawak na kaalaman sa larangan ng sikolohiya at may malasakit sa kapwa.

Kaakibat ng misyong ito, ang LSB Psych Sphere Community (PSC) ang nagsisilbing opisyal na organisasyon ng mga mag-aaral sa Sikolohiya. Bagama't wala pa masyadong aktibidad o kaganapan sa institusyon na tuwirang tumatalakay sa Sikolohiyang Filipino, kinikilala ng PSC ang kahalagahan ng paggamit ng pananaw at kalinangang Pilipino sa pag-unawa sa sarili at sa kapwa.

Dahil dito, layunin ng organisasyon na ipalaganap ang kaalaman at pagpapahalaga sa Sikolohiyang Filipino sa mga estudyante at sa mas malawak na komunidad ng paaralan. Sa pamamagitan ng mga proyektong edukasyonal, kolaborasyon, at mga gawaing pangkomunidad, nagnanais ang PSC na maging bahagi ng mas malawak na kilusan tungo sa makabayang sikolohiya.

MMC LOGO | MMC PSYCH SOC LOGO

MMC - Psychology Society | Metro Manila College

Ang MMC - Psychology Society ay isang opisyal na organisasyon ng mga mag-aaral mula sa kursong Bachelor of Science in Psychology sa Metro Manila College. Ito ay itinatag upang magsilbing kinatawan ng mga mag-aaral sa Sikolohiya sa mga akademikong, sosyal, at propesyonal na gawain ng kolehiyo.

Ito ay naglalayon na palalimin ang kaalaman ng mga miyembro sa larangan ng Sikolohiya sa pamamagitan ng mga seminar, workshop, at community outreach

programs. Higit pa rito, itinataguyod din nito ang pangkabuuang pag-ulad ng mga estudyante mula sa akademiko, emosyonal, panlipunan, hanggang sa moral na aspeto.

Ang MMC - Psychology Society ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga mag-aaral at ng administrasyon upang masigurong naririnig ang bawat boses at pangangailangan ng bawat miyembro nito. Sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon sa mga lokal at pambansang aktibidad, pinapalawak nito ang oportunidad ng mga estudyanTe na makisalamuha sa mas malawak na komunidad ng mga hinaharap na propesyonal sa larangan ng Sikolohiya.

MSU LOGO | MSU PSYCH SOC LOGO

MSU-Main Psychology Majors Society | Mindanao State University - Main Campus

Ang Psychology Majors Society (PsyMS) ay isang organisasyon na binubuo ng mga mag-aaral na naka-konsentra sa Sikolohiya sa Mindanao State University Main Campus. Ang PMS ay naglalayong pag-ibayuhin ang kaalaman at interes ng mga mag-aaral sa larangan ng sikolohiya, pati na rin ang paghubog sa mga mag-aaral upang maging mga propesyonal at responsableng indibidwal. Ang organisasyon ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga miyembro nito na makilahok sa iba't ibang aktibidad, tulad ng mga seminar, workshop, at mga proyekto na may kaugnayan sa sikolohiya. Ang PsyMS ay naglalayong maging isang komunidad ng mga mag-aaral na nagtutulungan at nagmamalasakit sa bawat isa, na naglalayong makapagbigay ng suporta at inspirasyon sa bawat miyembro upang maabot ang kanilang mga layunin at adhikain.

NU-B LOGO | NU-B PSYCH SOC LOGO

NU Baliwag - Psychology Society | NU Baliwag

Ang Psychology Society ng National University Baliwag ay isang organisasyon ng mga mag-aaral ng sikolohiya na naglalayon na paglingkuran ang kanilang departamento at kapwa mag-aaral ng sikolohiya. Ang organisasyong ito ang tumatayong punong abala ng departamento sa lahat ng kaganapang pang-akademiko, kultural, at pangkasiyahan sa pamantasan. Layunin nito na hindi lamang linagin ang kaalaman at karanasan ng mga kapwa mag-aaral sa loob ng pamantasan, kundi palawigin din ang abot ng maitutulong nito sa komunidad gaya ng pagsasagawa ng community extension programs.

/tatsulokpssp
tatsulok_pssp
tatsuloksapssp@gmail.com

NU-D LOGO | PSYCHE SOCIETY NU-D

Psyche Society of NU-D | NU - Dasmariñas

Ang organisasyon ng Psyche Society ng National University - Dasmarinas ay itinatag upang mapanatili ang mataas na antas ng pag aaral sa loob ng unibersidad, makatulong sa pag-unlad ng kaalaman ng mga estudyante, partikular na ang aspeto ng edukasyon at pakikisalamuha, magsilbing boses ng mga mag aaral ng Sikolohiya sa loob ng unibersidad pati na rin sa komunidad. Ang organisasyon din ang siyang namamahala at mamumuno sa pangangalaga sa kapakanan ng mga mag aaral sa departamento ng Sikolohiya sa National University-Dasmarinas.

Layunin ng Psyche Society ng National University - Dasmarinas na bumuo ng maayos, ligtas at inklusibong komunidad sa loob ng unibersidad kung saan ang bawat estudyante ay nakatatanggap ng pantay at may respetong trato. Isinusulong din ng organisasyon na magsilbing mabuting ehemplo sa mga estudyante upang makatulong sa pag-unlad ng kanilang ugali at asal, at magsisilbing tagapamagitan sa mga pangangailangan at suhestyon ng departamento. Hangarin ng Psyche Society na matulungan ang National University - Dasmarinas sa paghubog at pagpapayaman ng kaalaman ng mga mag aaral ng Sikolohiya upang mas lalong maging handa sa pakikipagsabayan sa buong mundo habang isinasaalang alang ang mga pangunahing pagpapahalaga ng unibersidad. Ninanais din ng organisasyon na manghikayat ng mga estudyante maging lider at magkaroon ng pananagutan sa pamamagitan ng pagbibigay pagkakataon na gamitin at sanayin ang kanilang lakas at kaalaman sa larangan.

Bilang kinikilalang opisyal na organisasyon sa ilalim ng Recognized Student Oranigzation (RSO), patuloy na nakikipagtulungan ang Psyche Society sa University Student Government (USG) upang sanayin at paunlarin ang mga mag aaral na maging epektibong lider at mamamayan sa kani-kanilang mga komunidad.

OLFU-P LOGO | PSA LOGO

Psychology Students Association | Our Lady of Fatima University - Pampanga Campus

Ang Psychology Students Association (PSA), itinatag noong 2013 sa Our Lady of Fatima University-Pampanga, ay isang samahan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya na naglalayong isulong ang akademikong kahusayan, etikal na pamumuno, at malasakit sa mental na kalusugan at pag-unlad ng pagkatao. Sa pamamagitan ng mga seminar, workshop, outreach program, at mental health awareness campaigns, nagsisilbi itong

plataporma para sa boses ng mga estudyante at nagtataguyod ng agham ng sikolohiya para sa ikabubuti ng indibidwal, komunidad, at lipunan.

PLSP LOGO | PLSP SASI LOGO

DLSP Samahang Sikolohiya | Dalubhasaan ng Lungsod ng San Pablo

Ang DLSP Samahang Sikolohiya ay isang organisasyong pinamumunuan ng mga mag-aaral. Itinatag noong taong 2021, layunin ng samahan na isulong ang kahusayan sa akademya, kamalayan sa kalusugang pangkaisipan, pag-unlad ng mga estudyante, at pakikilahok sa komunidad. Nagsisilbi itong plataporma para sa representasyon at pagtutulungan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng makabuluhang proyekto, seminar, outreach programs, at mga pakikipag-ugnayan. Taglay ang matibay na pagkakaisa at layunin, pinangangalagaan ng Samahang Sikolohiya ang mga susunod na propesyonal sa larangan ng kalusugang pangkaisipan upang maging mahabaging lider at tagapagtaguyod ng kagalingang sikolohikal sa loob at labas ng Dalubhasaan ng Lungsod ng San Pablo.

PCU LOGO | PSYCH SOC PCU LOGO

Psychology Society - Philippine Christian University | Philippine Christian University - Dasmariñas

Ang Psychology Society ay ang kinatawang samahan ng lahat ng mag-aaral sa kursong Sikolohiya ng Philippine Christian University – Dasmariñas, Cavite. Layunin nitong isulong ang mga karapatan, interes, at kapakanan ng mga mag-aaral sa harap ng pamunuan ng paaralan at iba pang kagawaran sa akademikong komunidad.

Pinalalawak nito ang kamalayan ng mga estudyante sa kanilang mga tungkulin, wastong asal, at mahalagang gampanin tungo sa pag-unlad ng kaalaman at pagkatuto. Tinutulungan din ng samahan ang mga mag-aaral at pinunong pangkampus na paunlarin ang kanilang kakayahan sa larangan ng sikolohiyang pangkabataan, pati na rin sa aspeto ng edukasyonal at propesyonal na paggabay sa karera.

SMCL LOGO | SMCL PSYCH SOC LOGO

SMCL Psychology Society | Saint Michael's College of Laguna

Ang SMCL Psychology Society ay isang opisyal na organisasyon ng mga mag-aaral sa kursong Bachelor of Science in Psychology sa ilalim ng School of

Education, Arts, and Sciences ng Saint Michael's College of Laguna. Itinatag ito bilang tugon sa layuning mapalakas ang ugnayan at pagkakaisa ng mga miyembro, habang isinusulong ang akademikong kahusayan, panlipunang kamalayan, at maka-Pilipinong pananaw.

Tinututukan ng samahan ang pagpapalawak ng kaalaman at paglinang ng kakayahan ng mga estudyante sa larangan ng sikolohiya. Kabilang sa mga layunin nito ang pagtaguyod ng kapakanan at interes ng mga miyembro, pagsisikap na itaas ang antas ng akademikong pamantayan sa SMCL, at pagpapasigla ng partisipasyon sa mga isyung may kinalaman sa bayan.

Bilang isang civic-patriotic, non-sectarian, non-profit, at nonpartisan na organisasyon, isinusulong ng Psychology Society ang pagiging tapat, makatarungan, at makatao sa lahat ng gawain nito. Nakatuon ito sa paghubog ng mga responsableng Michaelean na may malasakit sa kapwa at dedikasyong maglingkod sa lipunan, taglay ang mataas na pagpapahalaga sa etikal at espiritwal na prinsipyo.

SSCRDC LOGO | SEBASTINIAN PSYCH SOC LOGO

Sebastinian Psychology Society | San Sebastian College - Recoletos de Cavite

Ang Sebastinian Psychology Society (SPS) ay ang opisyal na samahan ng mga mag-aaral sa Batsilyer sa Agham ng Sikolohiya (o *Bachelor of Science in Psychology*) ng San Sebastian College - Recoletos de Cavite (SSCRdC). Patuloy na naninindigan ang SPS sa pagtatag ng isang samahan nang naka-angkla sa *"mens sana in corpore sano" ("a healthy mind in a healthy body");* o, "ang malusog na pag-iisip ay ang malusog na pangangatawan"*):* isang kasabihan na umaalalay sa pagtataguyod ng isang komunidad ng mga sikolohista ng kinabukasan nang may kasanayan sa pagiging etikal, kritikal na pag-iisip, at may malalim na ugnayan sa sarili, sa kapuwa, sa komunidad, at sa disiplina.

Sa pamamagitan ng mga intelektuwal na diskusyon at pagsasanay, ng mga *community outreach*, at pagbibigay ng nararapat na espasyo para sa mga usaping kamalayan sa mga isyung panlipunang naapektuhan ang kalusugang pangkaisipan — ang SPS ay magsisilbing tulay upang higit pang linangin ang mga kakayahan, kaalaman, kamalayan, at paninindigan ng bawat bahagi ng samahan.

Patuloy na nagsusumikap ang SPS na maging isang samahan na binubuo ng mga mag-aaral sa sikolohiya nang makatao, may malasakit, may pang-unawa, at may kamalayan.

STI LIPA LOGO | SINAG LOGO

SINAG - STI College Lipa's Guild of Psychology Students | STI College Lipa

Ang SINAG – STI College Lipa's Guild of Psychology Students ay isang tahanan, isang lakas, at isang layunin. Itinatag hindi lamang upang magtipon ang mga mag-aaral ng Sikolohiya kundi upang buuin ang isang komunidad na may iisang adhikain: ang lumago nang sama-sama bilang tao, iskolar, at tagapaglingkod sa bayan.

Bilang isang non-profit, non-stock at non-sectarian na organisasyon, nakaugat ang SINAG sa tatlong haligi: talino, propesyon at puso. Sa talino, isinusulong nito ang mas malalim na pag-unawa sa Sikolohiya sa pamamagitan ng mga seminar, workshop, patimpalak at sama-samang pag-aaral. Hinahasa nito ang kakayahang mag-isip nang masinsinan, magsuri nang makatao, at magsaliksik nang may layunin para sa kapwa. Sa propesyon, binubuksan ng SINAG ang mga pinto ng oportunidad, tulad ng career talks, mentorship at pakikipag-ugnayan sa mga eksperto. Ipinapakita nito sa mga miyembro na ang propesyon ng Sikolohiya ay hindi malayong pangarap kundi isang landas na kanilang mararating, hakbang-hakbang. At sa puso, dito tunay na sumisibol ang diwa ng SINAG. Sa bawat kampanya, outreach, mental-health advocacy at boluntaryong serbisyo, isinasabuhay ng organisasyon ang malasakit, pakikiramay at pagtindig para sa kapwa. Sa bawat sugat ng damdamin, may dumaramay. Sa bawat katahimikan, may nakikinig.

Ang SINAG ay hindi lamang liwanag; ito ang apoy na hindi nauupos. Ito ang tinig sa katahimikan, ang bisig sa kahinaan, at ang tapik sa balikat ng mga nawawalan ng lakas. Habang may pusong nangangailangan ng pagdamay, at habang may kabataang nangangarap ng pagbabago, mananatili ang SINAG bilang ilaw sa dilim. Sa bawat pagsikat ng araw, kasama ito sa pagmulat, pagbangon at patuloy na paglilingkod sa sambayanan.

TI LOGO | TIPSA LOGO

Tanauan Institute Psychology Student's Association | Tanauan Institute

Ang Tanauan Institute Psychology Students' Association o TIPSA ay ang opisyal na samahan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa Tanauan Institute Inc., na itinatag noong 2020. Layunin nitong pag-isahin ang mga estudyante ng Sikolohiya sa ilalim ng isang organisasyong nagsusulong ng akademikong suporta, kaalaman, at pagkakaisa sa loob ng departamento.

Bilang kinatawan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya, ang TIPSA ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga estudyante at ng pamunuan ng departamento. Tinututukan nito

ang pagpapalalim ng interes sa larangan ng Sikolohiya sa pamamagitan ng mga aktibidad na nakatuon sa paglinang ng kaisipan, pagbabahagi ng kaalaman, at pagsusulong ng kamalayan sa mga usaping pangkaisipan at panlipunan. Bagamat bago pa lamang sa akademikong komunidad, kamakailan lamang ay pormal na kinilala ang TIPSA ng Commission on Higher Education (CHED), isang patunay ng lumalawak nitong presensya at pangakong itaguyod ang adbokasiya ng Sikolohiya sa loob ng institusyon.

Sa kabila ng kakulangan pa sa mga panlabas na aktibidad, aktibo ang TIPSA sa pagbuo ng ugnayan at suporta sa kapwa mag-aaral sa pamamagitan ng mga diskusyon, impormasyon, at pagbibigay ng espasyo para sa sama-samang paglago bilang mga future psychology practitioners. Sa TIPSA, pinangangalagaan ang diwa ng pagkakaisa, malasakit, at integridad. Mga haligi ng isang organisasyong naglalayong maging boses ng kaisipan at damdamin ng bawat estudyanteng may puso para sa Sikolohiya.

TSU LOGO | COESSE LOGO

COESSE - The TSU Psychological Society | Tarlac State University

Ang COESSE - TSU Psychological Society ay ang opisyal na organisasyon ng Departamento ng Sikolohiya sa Tarlac State University. Hango ang pangalan nito sa tanyag na Latin na kasabihang “esse est coesse” na nangangahulugang “to exist is to co-exist” na isang pilosopiyang mahalaga sa pagsasabuhay ng mga pangunahing pagpapahalaga ng AB Psychology program: integrity, passion, excellence at service.

Layunin ng organisasyon na itaguyod ang kahusayan sa larangan ng Sikolohiya at Counseling sa mga miyembro nito; magsagawa ng mga seminar at workshop upang mapalalim ang kaalaman sa Sikolohiya; maglunsad ng mga gawaing panlipunan, sibiko at pang-akademiko sa loob at labas ng unibersidad na may kaugnayan sa propesyon; magpatupad ng mga proyekto para sa ikalalago ng kakayahan ng samahan; at pangalagaan ang kapakanan ng mga miyembro at ng buong kolehiyo.

UCU LOGO | UCU PSYCH SOC LOGO

UCU Psychology Students' Society | Urdaneta City University

Ang Psychology Students Society (PsychSoc) ay isang organisasyon na binubuo ng mga mag-aaral ng Sikolohiya sa Urdaneta City University. Itinatag ito bilang tugon sa pangangailangang magkaroon ng isang samahan na magsusulong ng adbokasiya sa

mental health, magpapalakas ng pamumuno sa hanay ng kabataan, at magtataguyod ng kahusayan at makataong pag-unlad.

Pinanghahawakan ng PsychSoc ang mga pagpapahalagang Karunungan (Wisdom), Katatagan (Tenacity), at Tagumpay (Success), na nagsisilbing gabay sa bawat proyekto at gawain ng samahan. Ang kanilang opisyal na logo ay nagpapakita ng mga simbolo na may makabuluhang kahulugan—ang psi para sa sikolohiya, apat na bituin para sa integridad, kahusayan, pagkakaisa, at transendensiya, lotus flower para sa pag-asa, busog at palaso para sa koneksyon, pakpak para sa kalayaan mula sa stigma, kalasag para sa katatagan, at laurel para sa tuloy-tuloy na tagumpay.

Sa pamamagitan ng mga aktibidad na nakatuon sa self-exploration, self-expression, at serbisyo sa komunidad, layunin ng PsychSoc na paunlarin ang moral, sosyal, at sikolohikal na aspekto ng bawat kasapi. Naninindigan din ito sa pilosopiyang makatao, nakatuon sa layunin, at nakaugat sa kahusayan.

UCC NORTH LOGO | UCC PSYCH SOC LOGO

UCC Psychology Society - North Campus | University of Caloocan City - North

Ang Kagawaran ng Sikolohiya ng UCC ay may layuning maging isa sa mga nangungunang tagapagtaguyod ng edukasyon at pananaliksik sa sikolohiya hindi lamang sa Pilipinas kundi pati na rin sa Asya. Ipinapakita nito sa pamamagitan ng walang humpay na pagsusumikap sa larangan ng pagtuturo, siyentipikong pananaliksik, at pagbibigay-serbisyo sa komunidad. Kabilang din sa mga layunin nito ang pagsuporta sa interdisiplinaryong pag-aaral at pagsasanay, pagsulong ng inklusibong edukasyon, at paglinang ng mga susunod na lider na may malawak na pang-unawa sa papel ng kultura sa sikolohikal na proseso.

Ang mga mag-aaral ng Bachelor of Science in Psychology ng University of Caloocan City, ay nagkakaisa sa layuning isulong ang pagkakaroon ng malasakit, pagkakaisa, at maayos na ugnayan sa isa't isa, sa ibang mag-aaral, at sa buong pamunuan ng unibersidad. Itinataguyod ng organisasyon ang mataas na antas ng moralidad, katapatan, at intelektuwal na integridad sa lahat ng mga gawain bilang bahagi ng paghubog bilang mga hinaharap na propesyonal sa larangan ng sikolohiya.

Ang aming misyon ay makapag-ambag sa pagyabong ng kaalamang siyentipiko sa sikolohiya, maipasa ito sa pamamagitan ng makabuluhang pagtuturo at paggabay, at maipamalas sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon sa paglutas ng mga suliraning panlipunan. Layunin din ng aming organisasyon na maisama ang mga mag-aaral sa mga gawaing panlipunan, pananaliksik, at aktwal na karanasan sa komunidad. Sa

pamamagitan nito, hinuhubog namin ang mas malalim na pag-unawa sa sikolohiya bilang agham at sining na may malaking papel sa pagbabago ng lipunan.

UPHSD LP LOGO | PSYCH SOC UPHSDLP LOGO

Psychological Society, UPHSD – Las Piñas | University of Perpetual Help System DALTA - Las Piñas

Ang Psychology Society ng University of Perpetual Help System DALTA – Las Piñas Campus (PsychSoc) ay isang opisyal na samahan ng mga mag-aaral sa ilalim ng Departamento ng Sikolohiya. Binubuo ito ng mga estudyanteng naglalayong paigtingin ang koneksyon, komunikasyon, at pakikipagkaisa ng bawat miyembro. Layunin ng samahan na bumuo ng isang matatag at inklusibong komunidad kung saan ang mga mag-aaral ay may espasyo upang maipadama ang suporta sa isa't isa, mapa-akademiko man o personal na aspeto.

Isa sa mga pangunahing tungkulin ng PsychSoc ay magsilbing tulay sa pagitan ng mga estudyante at ng pamunuan ng departamento. Pinamumunuan ito ng mga inihalal na opisyal at ginagabayan ng kanilang tagapayo na si Dr. Ma. Lea A. Ronda, isang propesor sa larangan ng Sikolohiya. Ang organisasyon ay aktibong lumalahok sa mga kaganapan ng unibersidad at nagbibigay ng mga plataporma para sa pagkatuto, pagbabahagi ng karanasan, at pagpapalawak ng perspektibo sa larangang pinili. Bukod sa mga lokal na aktibidad, nakikipag-ugnayan din ang PsychSoc sa mga organisasyon mula sa iba't ibang unibersidad sa loob at labas ng Metro Manila. Nakikilahok ang mga opisyal sa mga invitational events, inter-university forums, at conferences, kung saan naipapakita nila ang galing at gawi ng mga estudyante ng UPHSD sa larangan ng Sikolohiya.

Ang opisyal na Facebook page ng samahan ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng komunikasyon at anunsyo. Bukas ito sa lahat ng Psychology majors na naghahanap ng pamilya at espasyo para sa personal at propesyonal na pag-unlad. Sa kabuuan, ang PsychSoc ay hindi lamang organisasyon—ito ay tahanan ng malasakit, pakikipagkapwa, at pangarap.

WCC LOGO | WCC PSYCH SOC LOGO

WCC ATC Psychology Society | WCC Aeronautical and Technological College - North Manila

Ang Psychology Society ng WCC Aeronautical and Technological College – North Manila ay isang organisasyong binuo upang itaguyod ang mas malalim na

pag-unawa sa agham ng sikolohiya at upang palakasin ang ugnayan ng mga mag-aaral na may pagkahilig at dedikasyon sa larangang ito. Sa pamamagitan ng aming opisyal na logo, isinasalamin ng samahan ang mga pinahahalagahan, layunin, at adbokasiya.Kahulugan ng mga Simbolo sa Logo: Kidlat: Ang kidlat ay sumasagisag sa pagbabago, paggising, at makapangyarihang enerhiya na nagtutulak sa kaalaman at personal na pag-unlad. Sa konteksto ng sikolohiya, ito ay kumakatawan sa dinamiko at patuloy na pagbabagong emosyonal at mental. Utak: Ang larawan ng utak sa likuran ng logo ay nagpapahiwatig ng siyentipikong pundasyon ng sikolohiya. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng katalinuhan, kaalaman, at masusing pag-unawa sa mga proseso ng pag-iisip, asal, at kalusugang pangkaisipan.

Mga Kislap: Ang mga kislap na ikinalat sa logo ay sumisimbolo sa inspirasyon, pagkamalikhain, at pagtuklas ng mga bagong ideya. Ito ay nagpapahiwatig ng kasiglahan at kuryosidad ng mga miyembro sa paghahanap ng mas malalim na pagkaunawa sa isip ng tao. Mga Tuldok: Ang mga tuldok sa paligid ng logo ay kumakatawan sa pagkakaiba-iba, pagkakaisa, at koneksyon ng mga ideya at indibidwal sa larangan ng sikolohiya. Isinasalamin nito ang ugnayan ng bawat bahagi ng isip at ang kahalagahan ng kolaborasyon. Simbolo ng Psi : Ang sentral na simbolo na hugis-trident ay ang Greek letter Psi (Ψ), ang kinikilalang simbolo ng sikolohiya. Ito ay nagpapahiwatig ng balanse at lakas ng isipan, pati na rin ang pagkakaisa ng katawan, isipan, at espiritu—isang mahalagang prinsipyo sa larangan ng sikolohiya.

"Fides Et Mentis Vis": Ang pariralang Latin na ito ay nangangahulugang “Pananampalataya at Lakas ng Isipan.” Ito ay nagpapahayag ng layunin ng samahan na palakasin ang loob at isipan ng bawat isa, na may pagtitiwala sa sariling kakayahan at sa proseso ng personal na paglago upang makatulong sa kapwa.